



Inogen Rove 6

PORTABLE OXYGEN CONCENTRATOR

Katalog ng System: IS-501
Concentrator na Katalog: IO-501





































MANUAL NG USER

TAGALOG

R_{ONLY} Babala: Nililimitahan ng Pederal na batas ng USA ang pagbebenta ng aparatong ito, na mabebenta lang ng o sa utos ng isang doktor. Maaari ring angkop sa ibang mga bansa.

GLOSSARY NG MGA SIMBOLO

	Ang Pederal na Regulasyon ng U.S. ay naglilimita sa pagbebenta ng Aparatong ito sa utos ng Doktor. Maaring angkop sa ibang mga bansa.		Panatiliing Tuyo
	Type BF Applied Part		Panloob o sa Tuyong Lugar Lamang, Huwag Basain
	Class II na Kagamitan		AC Power
	Walang Hindi Natakpang Apoy (Concentrator); Huwag sunugin (Baterya)		DC Power
	Bawal manigarilyo		Sumangguni sa manual/booklet ng tagubilin
	Walang langis o grasa		Tagagawa
	Taga-angkat		Pinahintulutan na Kumatawan sa European na Komunidad/European Union
	Ang bahaging ito ay dapat nasa ibabaw		Nagpapahiwatig ng gamit ng automobile DC power cable (BA-306)
	European na Kompormidad		Nagpapahiwatig na hindi magagamit sa paligid ng MRI
	Napag-alaman ng tagagawa ng POC na ito na ang aparatong ito ay kumukumporma sa lahat ng angkop na kriterya sa pagtanggap ng FAA para sa pagdala at paggamit ng POC sa loob ng eroplano		Ang Pederal na Komisyon ng Komunikasyon (Federal Communications Commission)
	Medikal na aparato		Unique Device Identification
	Protektado mula sa paghawak ng daliri o mga bagay na mas malaki sa 0.5 in (12.5 mm) Protektado mula sa tumutulong tubig nang mas kaunti sa 15 degrees mula sa bertikal		Serial na Numero
	Pinapahiwatig ang sakop ng kahalumigmigan kung saan ligtas na malalantad ang medikal na aparato		Website ng impormasyon sa pasyente Ang ilang mga impormasyon sa paggamit ay makikita sa web
	Babala o pag-iingat. Kinakailangan ang atensyon.		Numero ng Katalog
	Ang balot ay maaaring i-recycle		Pagtatasa sa Kompormidad ng United Kingdom
	Elektrikal na Basura at Elektronik na Kagamitan Huwag itapon sa hindi pinaghihiwalay na basura ng mga munisipyo		Ipinapahiwatig ang pinakamataas at pinakamababa na mga limit ng temperatura kung saan ang bagay ay maaaring itabi, dalhin o gamitin
	Petsa ng Paggawa		Limitasyon sa atmospheric pressure kung saan ligtas na malantad ang medikal na aparato (umaandar)
	Mga Nilalaman		Sertipiko ng Ahensiya sa Elektrikal na Kaligtasan
	Awtorisadong Kinatawan sa Switzerland		
	Deskripsyon ng Katalog ng Produkto	Para sa mga icon na naka-display sa user interface na panel sumangguni sa seksyon 7.	

TALAN NG MGA NILALAMAN

GLOSSARY NG MGA SIMBOLO	2
1. NILALAMAN NG PRODUKTO AT MABILIS NA GABAY SA PAG-UMPISA.....	4
2. PANIMULA.....	5
3. MGA INDIKASYON AT NILALAYON NA PAGGAMIT	5
4. MGA TAGUBILIN SA KALIGTASAN.....	6
5. DESKRIPSYON NG INOGEN ROVE 6.....	9
6. PANGKALAHATANG MGA TAGUBILIN.....	10
7. TAGAPAGHIWATIG NG ALARM & GLOSSARY NG ICON SA APARATO	19
8. PAG-TROUBLESHOOT	25
9. MGA OPTION SA PAGKONEKTA	25
10. PAGLILINIS, PANGANGALAGA, AT PAGMIMINTINA	26
11. PAGKUMPUNI AT PAGTAPON NG APARATO	30
12. TEKNIKAL AT PRODUKTONG ESPESIPIKASYON.....	31
13. WIRELESS NA KOMUNIKASYON, ESPESIPIKASYON AT PAGTALIMA	35
14. PAHAYAG NG LIMITADONG WARRANTY	37
15. MGA TATAK-PANGKALAKAL AT DISCLAIMER	37
16. IMPORMASYON SA PAGKONTAK	38

1. NILALAMAN NG PRODUKTO AT MABILIS NA GABAY SA PAG-UMPISA

IMPORTANTE:

Ang Mabilis na Gabay sa Pag-umpisa ay para sanggunian LAMANG. Ang pagbabasa ng kumpletong manual ng user ay kinakailangan bago ang paggamit.

Bago mag-umpisang gamitin, kumpirmahin na ang iyong Inogen Rove 6 Portable Oxygen Concentrator na system ay naglalaman ng mga sumusunod na mga bahagi:



1x Inogen Rove 4™



1x Nabibitbit na bag



1x AC na power supply

1x DC Power Cable
(gamitin lamang
ang model mula sa
tagagawa)



1x Manual ng User



1x Baterya

IMPORTANTE: Siguraduhing mayroon kang backup na panustos ng oxygen karagdagan sa portable oxygen concentrator.

 **Ano ang iyong backup na panustos ng oxygen?** _____

HUWAG GAMITIN kasabay ng humidifier, nebulizer, CPAP o naka-series o parallel sa anumang ibang aparato.

HUWAG GAMITIN malapit sa apoy, usok, o anumang maaaring masunog.

HUWAG GAMITIN malapit sa mga pollutant, usok, singaw, mga nasusunog na anestisyas, panlinis o kemikal na singaw.

HUWAG GAMITIN sa lugar kung saan ang iyong concentrator ay maaaring malubog sa tubig.

HUWAG GAMITIN malapit sa grasa ng langis o mga produktong gawa sa petrolyo.

PAGGAMIT NG IYONG APARATO



1. I-slide ang naaangkop na baterya at siguraduhing ang iyong concentrator ay nasa lugar na may maayos na bentilasyon.
2. Ikonekta ang iyong concentrator sa AC power.
3. Ikonekta ang naaangkop na cannula sa iyong concentrator.
4. Pindutin at panatilihin na nakapindot ang power button para paandarin ang concentrator.
5. Ilagay ang flow setting sa rate na itinakda ng iyong klinikal na propesyonal.

Gamitin ang "+" at "-" mga buttons pa ma-adjust ang mga flow setting.

Tandaan: Ang flow ay ang "dose" ng oxygen (ang setting ay itatakda ng iyong klinikal na propesyonal).

6. Iposisyon ang nasal cannula sa iyong mukha at huminga ng normal sa ilong. Ang berdeng ilaw ay magpa-flash sa bawat beses na ang hininga ay maramdaman.

PAG-IINGAT Ang Pulse Dose na mga setting ay hindi kapantay ng liters per minute, maaaring sumangguni sa pag-iingat sa 6.10 at sa seksyon 12.2 para sa pulse dose flow na mga setting.



2. PANIMULA

Sumangguni sa manual na ito para sa detalyadong mga tagubilin sa mga babala, pag-iingat o espesipikasyon at mga karagdagang impormasyon.

IMPORTANTE

Dapat basahin ng mga user ang buong manual na ito bago paandarin ang Inogen Rove 6 Portable Oxygen Concentrator. Ang hindi pagsagawa nito ay maaaring magdulot ng personal na pinsala. Kung may mga tanong ka tungkol sa mga impormasyon sa manual ng user na ito o sa ligtas na pagpa-andar ng system na ito, kontakin ang nagbigay sa iyo ng kagamitan.

Ang user manual na ito ay nagbibigay ng impormasyon para sa mga user ng Inogen Rove 6 Portable Oxygen Concentrator. Para mas maikli, ang mga terminong “concentrator,” “POC”, “yunit,” o “aparato” ay ginagamit paminsan-minsan sa dokumentong ito para tukuyin ang Inogen Rove 6 Portable Oxygen Concentrator. Ang “Pasyente” at “User” ay halininang ginagamit.

3. MGA INDIKASYON AT NILALAYON NA PAGGAMIT

3.1 NILALAYON NA PAGGAMIT

Ang Inogen Rove 6 Portable Oxygen Concentrator ay nagbibigay ng mataas na concentration ng suplemental na oxygen sa mga pasyente na nangangailangan ng iniresetang respiratoryang terapiya. Ito ay maaaring gamitin sa tahanan, mga institusyon, sasakyan at ibang pang transportasyon.

Ang aparato ay ginagamit bilang suplementong oxygen at hindi dapat pantustos ng buhay o suporta para mabuhay.

3.2 MGA INDIKASYON NG PAGGAMIT AT KLINIKAL NA BENEPISYO

Ang Inogen Rove 6 ay ginagamit bilang reseta ng mga pasyente na nangangailangan ng suplemental na oxygen para itaas ang oxygen saturation sa dugo.

3.3 MGA KONTRAINDIKASYON

Ang aparato ay ginagamit bilang suplementong oxygen at HINDI DAPAT pantustos ng buhay o suporta para mabuhay. Gamitin LAMANG ang produktong ito kung ang pasyente ay kayang huminga paloob at palabas nang normal na hindi gumagamit ng makina.

HUWAG gamitin kasama ng nasusunog na anestisya o nasusunog na mga materyal.

HUWAG gamitin ang aparato sa pasyenteng naka-tracheotomy.

HUWAG gamitin ang aparato sa mga taong ang paghinga sa normal sa panahon ng pahinga ay hindi makapag-pa-trigger sa aparato.

BABALA!

Panganib ng minor na pinsala o kawalan ng ginhawa

HUWAG gamitin ang aparatong ito kasama ng humidifier, nebulizer o CPAP, o naka-parallel o naka-series sa iba pang mga oxygen concentrator o mga aparato sa terapiyang oxygen. Ang paggawa nito ay maaaring makaapekto sa pagganap at maaaring makasira sa kagamitan.

3.4 POPULASYON NG PASYENTE

Mga pasyenteng nangangailangan ng suplemental na oxygen. Kailangan ng reseta.

3.5 TAGAL NG PAGSERBISYO

Ang inaasahang tagal ng serbisyo ng aparatong ito ay 8 taon, maliban sa mga sieve bed (column) na mayroong inaasahang tagal ng buhay na 1 taon at mga baterya na mayroong inaasahang buhay na 500 buong charge/discharge na siklo.

4. MGA TAGUBILIN SA KALIGTASAN

BABALA Mga pahayag na naglalarawan ng mga seryosong masamang reaksiyon (adverse reaction) at posibleng pahamak sa kaligtasan.

PAG-IINGAT Mga pahayag na nagbibigay pansin sa mga impormasyon tungkol sa anumang espesyal na alaga na kailangang gawin ng practitioner at/o pasyente para sa ligtas at epektibong paggamit ng aparatong ito.

IMPORTANTE Mga pahayag na nagbibigay pansin sa karagdagang mahalagang impormasyon tungkol sa aparato o isang proseso.

Para masiguro ang ligtas na pag-install, pag-assembly at pag-andar ng concentrator, **DAPAT** sundin ang mga tagubilin na ito. Ang pasyente ay ang nilalayong tagapagpa-andar ng aparato.

4.1 BABALA

Panganib ng pinsala o pagkasira

- Ang aparato ay gumagawa ng maraming oxygen gas, na nagpapabilis ng pagsunog. Huwag payagan ang paninigarilyo o mga apoy sa paligid ng 2 m (6.56 ft) ng aparatong ito habang ginagamit. Ang paninigarilyo sa panahon ng terapiyang oxygen ay delikado at maaaring magresulta sa mga pagkapaso sa mukha o kamatayan. Kung ikaw ay manigarilyo, palagi mong patayin ang iyong concentrator ng oxygen, alisin ang cannula, at iwanan ang silid kung saan nakalagay ang alinman sa iyong cannula o ang oxygen concentrator. Kung hindi kayang iwan ang silid, maghintay ng 10 minuto pagkatapos huminto ang daloy ng oxygen.
- Huwag gamitin kasama ng humidifier, nebulizer, o CPAP, o ikonekta sa iba pang anumang kagamitan. Ang paggawa nito ay maaaring makaapekto sa pagganap at/o makasira sa kagamitan.
- Ang Rove 6 ay Hindi Ligtas sa MR. Huwag ilantad sa MRI na kagamitan o iba pang mga aparato na lumilikha ng matapang na magnetic field (halimbawa, x-ray, CT scan, o iba pang uri ng radyasyon).
- Responsabilidad ng pasyente na magkaroon ng alternatibong pinagkukunan ng oxygen sa panahon ng power outage o mekanikal na pagpalya. Ito ay dapat tinataya sa pag-umpisa ng terapiya ng oxygen at base sa kondisyon ng pasyente, kondisyon ng kapaligiran kung saan namumuhay at sa kakayahan ng pasyente na mabigyan muli ng backup na suplay ng suplementaryong oxygen. Ang mga katangiang ito ay dapat pana-panahong tinataya kung ang magbabago ang kondisyon ng pasyente.
- Kung maramdaman ka ng pagkasakit o hindi komportable, o ang concentrator ay walang signal na binibigay ng oxygen pulse at hindi mo narinig at/o naramdaman ang oxygen pulse, konsultahin KAAGAD ang nagbigay sa iyo ng kagamitan at/o iyong doktor.
- Ginagawa ng oxygen na mas madaling masunog ang mga materyal. Huwag iwan ang nasal cannula o mask sa ibabaw ng mga kumot o unan sa silya, kapag ang oxygen concentrator ay naka-on pero hindi ginagamit. I-off ang oxygen concentrator kapag hindi ginagamit para pigilan ang pagdami ng oxygen.
- Iwasan ang paggamit ng aparato sa paligid na may mga pollutant, usok o singaw. Iwasan ang paggamit ng aparato sa paligid na may mga nasusunog na anestisya, mga panlinis, o iba pang kemikal na singaw. Huwag gumamit ng aerosol na spray sa paligid ng aparato.
- Huwag gamitin ang mga power supply, mga power cable, o mga accessory nang hindi naaayon sa nakasaad sa manual na ito. Ang paggamit ng hindi espesipikadong mga power supply, power cable o mga accessory ay maaaring gumawa ng panganib sa kaligtasan at/o makasira ng pagganap ng kagamitan.
- Huwag gumamit ng langis, grasa o mga produkto na gawa sa petrolyo sa o malapit sa aparato, sa iyong mukha o sa itaas ng dibdib para iwasan ang panganib ng sunog at pagkapaso. Gamitin lamang ang lotion o pamahid na gawa sa tubig na angkop sa oxygen sa panahon ng set-up o paggamit sa panahon ng terapiya ng oxygen.
- Huwag lagyan ng pampadulas ang mga nakakabit, mga koneksyon, o iba pang mga accessory ng oxygen concentrator para maiwasan ang panganib ng sunog at pagkapaso.
- Para maiwasan ang panganib na mabulunan o pagkasakal, itabi ang mga cord na malayo sa mga bata at alagang hayop.
- Tungkulin ng mga pasyente na pana-panahon na siyasatin ang baterya at palitan kung kinakailangan ayon sa mga tagubilin sa paggamit na ito. Ang Inogen ay hindi umaako ng pananagutan sa mga tao na piniling hindi sumunod sa mga rekomendasyon ng tagagawa.
- Para masiguro na ikaw nakakatanggap ng terapeutikong dami ng oxygen ayon sa iyong medikal na kondisyon, ang aparato ay dapat (1) gamitin lamang pagkatapos ng isa o higit pang mga setting na natukoy sa bawat indibidwal o nireseta sa iyo at ang iyong partikular na lebel ng aktibidad, (2) gamitin sa mga tiyak na kombinasyon ng mga parte at mga accessory na alinsunod sa espesipikasyon ng tagagawa ng concentrator at ginamit habang tinutukoy ang iyong mga setting.


- Ang mga setting ng ibang mga model o brand ng terapiya ng oxygen na aparato ay maaaring hindi katumbas sa setting ng aparatong ito.
 - Ang mga setting ng aparatong ito ay maaaring hindi katumbas ng setting ng mga aparato na nagbibigay ng patuloy na daloy ng oxygen.
 - Ang paggamit ng aparatong ito ng mas mataas sa 3,048 m (10,000 ft) o sa labas ng temperatura sa pagitan ng 5 – 40°C (41 – 104°F) o sa humidity ng higit pa sa 95% ay inaasahang negatibong makakaapekto sa flow rate at sa porsiyento ng oxygen at kalaunan ang kalidad ng terapiya ng oxygen. Ang paggamit ng aparatong ito kaagad pagkatapos ng pagtabi sa mga temperatura na labas sa pinapayagang saklaw ng pagpa-andar ay maaaring negatibong makakaapekto sa pag-andar ng aparato hanggang sa bumalik ang temperatura sa pinapayagang saklaw ng pag-andar. Ang paggalaw ng hangin o malakas na mga simoy ng hangin ay negatibong makakaapekto sa wastong paghahatid ng terapiya ng oxygen.
 - Kung pumalya ang aparato, ito ay magdudulot ng pagbalik sa nakaraang kondisyon bago magsimula sa terapiya ng oxygen. Ang kalagayang ito ay magkaiba sa bawat indibidwal na pasyente.
 - Kung hindi mo kayang sabihin ang iyong kawalan ng ginhawa, ikaw ay maaaring mangailangan ng karagdang pagsusubaybay at o isang sistema ng alarm na pinapamahagi para maparating ang impormasyon tungkol sa kawalan ng ginhawa at o pangangailangan ng mabilis na medikal na pagkilos sa iyong responsableng tagapag-alaga para maiwasan ang pahamak.
- ## 4.2 BABALA
- ### Panganib ng minor na pinsala o kawalan ng ginhawa
- Ang paggamit ng aparatong ito ay hindi napag-aralan sa populasyon ng mga bata. Konsultahin ang iyong doktor bago gumamit ng produktong ito sa mga batang pasyente.
 - Ang hindi naangkop na mga parte o mga accessory ay maaaring magresulta sa magbabawas sa pagganap o magdulot ng pagkasira at maaaring magpawalang bisa ng iyong warranty.
 - Ang aparato ay dinisenyo para magbigay ng daloy ng mataas na pagkapurong oxygen. Isang pagpayo na alerto, "Mababang Oxygen", ang magpapaalam sa iyo kung ang concentration ng oxygen ay bumaba. Kung ang alarm ay magpatuloy, kontakin ang nagbigay sa iyo ng kagamitan.
 - Ang oxygen flow setting ay dapat tukuyin at itala para sa bawat pasyente ng tagapagreseta kasama na ang pagsasaayos ng konfigurasyon ng aparato, ang mga parte at mga accessory nito. Tungkulin ng pasyente na sumangguni sa nagbigay ng aparato upang muling tasahin ang mga setting ng terapiya para maging epektibo.
 - Tungkulin ng pasyente na magplano para sa backup na suplay ng oxygen habang bumabiyaha; ang Inogen ay walang inaakong pananagutan para sa pagkaantala ng suplay ng oxygen kung ang backup na pinagkukunan ay hindi sigurado.
 - Tungkulin ng pasyente na gumamit lamang ng mga parte at accessory na nabanggit sa mga tagubilin sa paggamit na ito. Ang mga parte at accessory na ginamit ng pasyente na hindi rekomendado sa mga tagubilin ng paggamit na ito para gamitin ay solong responsibilidad ng pasyente. Ang Inogen ay hindi umaako ng pananagutan para sa paggamit ng mga parte at mga accessory na hindi nabanggit sa mga tagubilin sa paggamit.
 - Tungkulin ng mga pasyente na pana-panahon na siyasatin ang baterya at palitan kung kinakailangan ayon sa mga tagubilin sa paggamit na ito. Ang Inogen ay hindi umaako ng pananagutan sa mga tao na piniling hindi sumunod sa mga rekomendasyon ng tagagawa.
 - Huwag baguhin ang aparato. Ang hindi naangkop na mga parte o mga accessory na resulta ng mga modipikasyon ay magbabawas sa pagganap o magdulot ng pagkasira at maaaring magpawalang bisa ng iyong warranty maliban kung nakasaad o tinagubilinan na gawin ito.
 - Huwag gamitin ang produktong ito sa alinmang paraan maliban sa inilarawan sa mga seksyon sa espesipikasyon at nilalayan na paggamit ng manual na ito dahil ang mga ito ay maaaring magdulot ng pagkasira ng produkto, pagkawala ng gamit ng produkto, o personal na pinsala.
 - Huwag hadlangan ang air intake o exhaust habang ginagamit ang aparato. Ang paghadlang sa sirkulasyon ng hangin o paglagay ng malapit sa init ay maaaring magdulot sa pag-init ng loob at pagkamatay o pagkasira ng concentrator. Sa panahon ng anumang mga pagbabago sa pagganap ng aparta, sumangguni sa seksyo sa pag-troubleshoot ng dokumentong ito.
 - Huwag gamitin ang aparato ng walang nakalagay na particle filter. Ang mga partikulo na makakapasok sa system ay maaaring makasira sa kagamitan.
 - Huwag ipulupot ang cord sa palibot ng power supply kung itatabi ito. Huwag mag-drive, hilahin o maglagay ng anumang bagay sa ibabaw ng cord. Ang paggawa nito ay hahantong sa napinsalang cord at ang pagkabigo na magbigay ng power sa concentrator.
 - Huwag gumamit ng DC power cord na may plug splitter. Ito ay maaaring magdulot ng masyadong pag-init ng DC power cord.
 - Huwag kalasin ang power supply. Ito ay maaaring humantong sa pagpalya ng parte at/o panganib sa kaligtasan.
 - Huwag maglagay ng anuman sa ibabaw ng power port ng aparato maliban sa kasamang power supply. Kung

- ginamit ang extension cord, gamitin ang extension cord na may Underwriters Laboratory (UL) na Marka at pinakamababa na kapal na 18 gauge. Huwag magkonekta ng iba pang mga aparato sa parehong extension cord.
- Huwag i-repack ang concentrator, mga accessory, o mga system para sa pagpapadala sa parsela na hindi inilaan ng Inogen.
 - Huwag paganahin ang sasakyan na may nakakonektang DC power cord. Ito ay maaaring humantong sa pag-akyat ng boltahe na maaaring pumatay at/o makasira sa aparato.
 - Huwag iwan ang aparato sa paligid na maaaring umabot sa mataas na temperatura katulad ng sasakyang walang pasahero na nasa paligid na may mataas na temperatura.
 - Huwag hawakan ang nakalubog na elektrikal na mga kontak ng External na Charger ng Baterya; ang pagkasira sa mga kontak ay maaaring makaapekto sa paggana ng charger.
 - Ang aparato ay dapat papanatilihing tuyo sa lahat ng panahon. Ang pagkalantad sa tubig ay maaaring hahantong sa elektrikal na shock at/o pagkasira.
 - Para sa pinakamaayos na buhay ng sieve bed (column), ang produkto ay dapat laging gamitin.
 - Ang baterya ng aparato ay magsisilbing pangalawang power supply sa panahon ng planado o biglaang pagkawala ng external na power supply. Kahit na pinapa-andar ang aparato mula sa external na power supply, ang maayos na isinilid na baterya ay dapat panatilihin sa yunit. Ang pagsagawa nito ay magbabawas sa panganib ng paghinto ng pag-andar at magpapanatili sa paggana ng alarm.
 - Ang power supply ay dapat ilagay sa lokasyon na may maayos na bentilasyon dahil umaasa ang ito sa sirkulasyon ng hangin para mapawi ang init. Ang power supply ay maaaring uminit sa panahon ng pag-andar; kapag mangyari ito, hayaang lumamig bago hawakan para maiwasan ang pinsala.
 - Siguraduhin na ang saksakan ng power sa sasakyan ay malinis at kasya ang adapter, kung hindi, maaaring mangyari ang labis na pag-iinit.
 - Siguraduhin na ang saksakan ng power sa sasakyan ay may sapat na fuse para sa pangangailangan ng aparato (minimum na 15 Amp). Kung hindi kayang suportahan ng saksakan ng power ang 15 Amp load, ang fuse ay maaaring sumabog, o ang saksakan ay masira.
 - Kung paaandarin ang aparato sa sasakyan, siguraduhin na ang makina ng sasakyan ay tumatakbo bago ikonekta ang DC power cord sa DC auxiliary outlet. Ang pagpa-andar ng aparato nang hindi tumatakbo ang makina ay makakaubos ng baterya ng sasakyan.
 - Ang pagbabago sa altitude (halimbawa, mula sa lebel ng dagat hanggang sa kabundukan) ay maaaring makaapekto sa oxygen na magagamit ng pasyente. Kumonsulta sa iyong doktor bago magbiyahe sa mas mataas o mas mababang altitude kung ang iyong flow setting ay dapat baguhin.

5. DESKRIPSYON NG INOGEN ROVE 6

The Inogen Rove 6 Portable Oxygen Concentrator System ay magsasama ng mga sumusunod na mga accessory: AC power supply, DC power cable, rechargeable na pack ng baterya at nabibitbit na bag.

Ang seksyon na ito ay nilalayan upang tulungan kang maging pamilyar sa mga parte at interface ng aparato. Huwag magsagawa ng anumang aksyon sa o kasama ng iyong POC hanggang sa mabasa ang Seksyon 6, Mga Pangkalahatang Tagubilin para sa Inogen Rove 6.



Power button

- Ang pagpindot at pagpanatiling nakapindot nang mataagal ng button na ito ay mag-on o mag-off ng aparato.

Flow setting control na mga button:

- Gamitin ang – o + na flow setting control na mga button para palitan ang setting.
- Mayroong anim na setting, mula 1 hanggang 6.

Kontrol ng lakas ng tunog na button:


- Ang pagpindot sa button na ito ay magbabago sa lakas ng tunog mula sa lebel 1 hanggang 4.

Bell button:

- Ang pagpindot ng button na ito ay maglilipat sa on at off ng *walang-hiningang-naramdaman* na alarm ng aparato.
 - Kung ang mode ay **ON**: Ang aparato ay mag-aalarm ng maririnig at makikitang signal kapag walang hininga ang ma-detect sa loob ng 60 segundo. Sa 60 segundo, ang aparato ay papasok sa 'auto pulse na mode'. Kapag ang isa pang hininga ang ma-detect, ang aparato ay lalabas sa 'auto pulse na mode' at maghahatid ng normal kapag humihinga.
 - Ang mode na ito ay na-enable kung mayroong bell na "naka-display sa screen." Kung ang power ay mawala, ang walang-hiningang-maramdaman na maririnig na alarm ay mananatiling naka-set sa mode na gusto ng user.

Display:

- Ang display ay magpapakita ng impormasyon tungkol sa kalagayan ng aparato katulad ng flow setting, kalagayan ng power, buhay ng baterya at mga alarm.
- Bago gamitin, alisin ang static cling na FCC label mula sa screen.



Nagpapahiwatig na mga ilaw:

- **Pag-detect ng Hininga na LED:** Ang berdeng ilaw ay nagpapahiwatig ng pag-detect ng hininga.
- **Signal/Alarm LED:** Ang dilaw na ilaw ay nagpapahiwatig na may pagbabago sa kalagayan ng paggana o kundisyon na maaaring kailangan ng pagtugon (alarm).
- Ang kumikislap na ilaw ay mas mataas na prayoridad kaysa sa hindi kumikislap.

Naririnig na mga signal:

- Ang maririnig na signal (beep) ay nagpapahiwatig ng alinman sa pagbabago ng kalagayan ng pag-andar o kondisyon na kailangan ng pagtugon (alarm).
- Ang mas madalas na pag-beep ay nagpapahiwatig ng mas mataas na prayoridad na mga kondisyon.

Particle filter: Ang mga filter ay dapat nasa lugar palagi sa parehong panig ng concentrator sa panahon ng pagpa-andar para mapanatili ang pagpasok ng hangin sa aparato na walang mga malalaking partikulo.

Cannula barb: Ang nasal cannula ay kinokonekta sa aparato sa pamamagitan ng barb na ito.

Power in: Koneksyon para sa external na power mula sa AC power supply o DC power cord.

USB port: Para sa pagserbisyong gamit lamang.

6. PANGKALAHATANG MGA TAGUBILIN

Ang nagbigay ng produkto ay magsisiguro na, kung nararapat, ang lahat ng mga gumagamit ng aparatong ito ay nabigyan ng manual ng user.

BABALA

Huwag gamitin ang produkto ng walang maayos na sariling pagsasanay sa pamamagitan ng pagbabasa ng manual na ito. Kung kailangan mo ng karagdagang impormasyon pagkatapos mabasa ang manual ng user na ito, mangyaring kontakin ang nagbigay sa iyo ng kagamitan.

Palaging siyasin ang aparato at mga bahagi nito para sa anumang senyales ng pagkasira bago gamitin.

BABALA

Huwag gamitin ang aparato o anumang bahagi nito kung magpakita ng anumang senyales ng pagkasira.

Important: Habang ang kahon o ang pambalot ay maaaring may sira hal., mga punit o yupi, ang aparato ay maaaring nasa magagamit na kondisyon. Kung ang aparato o alinman sa mga accessory ay may anumang pagkasira, kontakin ang nagbigay ng iyong home oxygen sa bahay.

Bago magsimula, siguraduhing mayroon ka ng mga sumusunod:

• Concentrator • Baterya • Nabibitbit na bag • AC power supply • DC power cable • Nasal Cannula (hiwalay na bibilhin)

6.1 PRINSIPIO NG PAGPAPA-ANDAR

Ang aparatong ito ay gumagana sa pamamagitan ng paghihiwalay ng oxygen mula sa hangin gamit ang proseso ng pressure swing adsorption (PSA). Ang normal na hangin ay naglalaman ng 21% oxygen; ang aparatong ito ay nagpaparami sa dami ng oxygen hanggang sa 96% sa pamamagitan ng pagtanggap ng nitrogen at pag-concentrate ng output ng oxygen. Para magawa ito, ang hangin ay hinahatak papunta sa aparato sa pamamagitan ng maliit na air compressor, ang nitrogen ay inihihwalay mula sa oxygen at sa kalaunan, ang oxygen ay kino-kolekta at hinahatid sa pasyente sa bawat paghinga.

Dahil ang oxygen na iyong hinihinga ay nanggagaling sa malapit na nakapaligid na lugar, importante na panatilihin na malinis ang iyong aparato. Bagaman maraming mga filter ang nasa aparato, ang paglantad sa iyong aparato sa madumi at maalikabok na paligid ay magpapaikli sa buhay ng mga filter na magdudulot upang ang mga ito ay mas madalas na palitan.

Ang aparatong ito ay nagmimintina sa mga sumunod bilang mga mahalagang pangangailangan para gumana na hindi kinakailangan ng paulit-ulit na pagsusuri:

1. Ang kondisyon ng alarm kapag naghahatid ng oxygen, sa parehong normal at single fault na kondisyon, ay wala sa loob ng pagganang lebel ayon sa itinakda ng manual na ito.
2. Teknikal na kondisyon ng alarm kung mayroong pagpalya sa power supply.
3. Teknikal na kondisyon ng alarm kung ang baterya ay malapit ng maubos.
4. Teknikal na kondisyon ng alarm kung ang oxygen concentration ang mas mababa sa 82% volume fraction.
5. Di-paggana na teknikal na kondisyon ng alarm.
6. Ang paghahatid ng dosis ng oxygen, sa normal na kondisyon o indikasyon ng abnormal na operasyon.

6.2 PAGHAHANDA SA IYONG CONCENTRATOR BAGO GAMITIN

IMPORTANTE: Siguraduhing mayroon kang backup na panustos ng oxygen karagdagan sa portable oxygen concentrator.

 **Ano ang iyong backup na panustos ng oxygen?** _____

HUWAG GAMITIN kasabay ng humidifier, nebulizer, CPAP o naka-series o parallel sa anumang ibang aparato.

HUWAG GAMITIN malapit sa apoy, usok, o anumang maaaring masunog.


HUWAG GAMITIN malapit sa mga pollutant, usok, singaw, mga nasusunog na anestisyas, panlinis o kemikal na hamog.

HUWAG GAMITIN sa lugar kung saan ang iyong concentrator ay maaaring malubog sa tubig.

HUWAG GAMITIN malapit sa grasa ng langis, o mga produktong gawa sa petrolyo.

1. Siguraduhing ang iyong concentrator ay nasa lokasyon ng maayos na bentilasyon

- Ang air intake at exhaust ay dapat na may bukas na daluyan.
- Iharap ang iyong concentrator sa paraan na anumang nadidinig na alarm ay maririnig.
- Palaging gamitin ito sa nakatayang posisyon.
- Siguraduhing ang mga particle filter ay nasa lugar sa parehong panig ng aparato.
- Siguraduhing ikaw ay nasa lokasyon kung saan maririnig at/o makikita mo ang alin sa mga alarm na maaaring maganap.




2. I-install ang Baterya

IMPORTANTE: Ang paggamit ng maling mga cord ay maaaring humantong sa sunog. Gumamit lamang ng mga naaangkop na mga cord mula sa tagagawa.

Ang baterya ay dapat palagiang naka-install sa aparato upang maging back-up na power at para hayaang mag-charge ang baterya habang ang concentrator ay nakasaksak sa external na power. Para i-install ang baterya:

- Ihanay ang baterya sa ilalim na housing ng aparato.
- I-slide ang baterya sa lugar hanggang sa marinig ang click at ang kawit ay bumalik sa itaas na posisyon.
- Maririnig mo ang isang beep at makikita mo ang nagpapahiwatig na mga ilaw at ang display na umilaw ng mabilis bago ito mamatay. Ibig nitong sabihin ang baterya ay maayos na nakonekta sa iyong concentrator.





HUWAG gamitin ang baterya nang hindi naaayon sa nakasaad sa manual na ito.

3. Ikonekta ang Power Supply

- Ikonekta ang AC power na brick sa power supply cable at i-plug ang power supply na cable sa standard na saksakan sa dingding.
- Ikonekta ang power supply sa output plug sa concentrator sa pamamagitan ng pagsilid nito sa power port na matatagpuan sa harap ng concentrator.
- Maririnig mo ang isang beep at makikita mo ang nagpapahiwatig na mga ilaw at ang display na umilaw ng mabilis bago ito mamatay. Ibig nitong sabihin ang power supply ay maayos na naikabit sa iyong concentrator.

HUWAG gamitin ang baterya ng hindi naaayon sa nakasaad sa manual na ito.

HUWAG gamitin ang mga power cable, o mga accessory ng hindi naaayon sa nakasaad sa manual na ito.




4. Ikonekta ang naangkop na cannula sa iyong concentrator.

- Ang paggamit ng isang lumen cannula na hanggang 25 feet na haba ay nirerekomenda. Ito ay magsisigurado ng maayos na pag-detect ng hininga at paghahatid ng oxygen.

IMPORTANTE: Konsultahin ang iyong doktor kung maaaring kailangan ang karagdagang titration para masiguro ang maayos na paghahatid ng oxygen kapag ginagamit ang partikular na cannula.

HUWAG lagyan ng pampadulas ang mga nakakabit, mga koneksyon, tubing, o iba pang mga accessory ng iyong concentrator.

- Ikonekta ang tubing ng nasal cannula sa pamamagitan ng pagkabit nito sa metal cannula barb sa ibabaw ng aparato.



- Palitan ang cannula nang palagian para maiwasan ang kontaminasyon o mahinang paggana ng cannula. Tingnan ang 'Pagpalit ng Cannula' (seksyon 10.1) para sa mas maraming detalye.

6.3 PAGGAMIT NG IYONG CONCENTRATOR

1. Paandarin ang iyong concentrator sa pamamagitan ng pagdiin sa ON/OFF na button

- Pindutin at panatilihin na nakapindot ang Power button hanggang marinig mo ang isang maikling beep.
- Ang display ay magliliwanag at ang Inogen logo ay makikita sa display.

IMPORTANTE: Kung ang display ay agarang mamatay pagkatapos makita ang Inogen logo, hindi mo napindot ang power button nang matagal.

Ulitin sa pamamagitan ng pagpindot at pagpapanatiling nakapindot ang power button ng mas matagal, hanggang sa marinig ang isang maikling beep.

- Ang 'please wait' na icon (☼) ay makikita habang ang concentrator ay papaandar.
- Ang display ay magpapakita ng setting ng current flow at kondisyon ng power.
- Pagkatapos ng maikling sequence ng pag-andar, magsisimula ang isang saglit na warm up na hanggang 2 minuto. Sa panahong ito ang oxygen concentration ay nabubuo pero hindi pa umabot sa espesipikasyon. Karagdagang warm up na panahon ang kinakailangan ng aparato kung ito ay naitago sa napakalamig na temperatura.

2. Siyasatin ang lebel ng baterya ng iyong concentrator

- Kapag ang iyong concentrator ay ganap na nag-umpisa, ang ilaw sa display ay mamamatay.
- Sa panahong ito, makikita mo ang porsyento ng baterya sa screen kung saan dating nakalagay ang 'please wait' na icon (☼).
- Kung ang baterya ay mababa, ikonekta ang iyong concentrator sa external na power supply, ayon sa dinetalye sa 6.2 hakbang 3 o palitan ito ng puno ng charge na baterya.
- Kung ang baterya ay tinanggal, bumalik sa seksyon 6.2, "I-install ang Baterya" para sa mga hakbang upang ma-install muli ang baterya.

3. I-set ang flow setting ng iyong concentrator

- I-set ang flow setting ayon sa itinakda ng iyong doktor o clinician.
- Gamitin ang + o - na mga setting na button para iakma sa ninanais na setting.
- Ang kasalukuyang setting ay makikita sa display kasunod ng simbolo ng settings ⚙️.

IMPORTANTE: Normal na maririnig ang kaibahan sa tunog kapag binago mo ang flow setting.

I-set ang iyong concentrator sa flow setting na itinakda ng iyong doktor. Ang flow rate ay itinakda ng iyong doktor; ito ang "dose" ng oxygen. Napakataas o napakababa na rate ay kalaunang magdudulot ng panganib.

4. Gamitin ang iyong concentrator

- Ilagay ang nasal cannula sa ibaba ng iyong ilong kung saan ang mga maliliit na tube ay nakadirekta pataas sa iyong ilong at ipaikot ang tubing nang mahigpit sa tainga ayon sa habilin ng tagagawa ng cannula.
- Huminga sa ilong. Ang iyong concentrator ay makakaramdam ng simula ng paghinga at maghahatid ng isang sabog ng oxygen sa tumpak na oras na ikaw ay huminga. Ang aparato ay makikiramdam sa bawat hininga at patuloy na maghahatid ng oxygen sa ganitong paraan. Habang ang bilis ng iyong hininga ay magbabago, mararamdaman nito ang mga pagbabago at maghahatid ng oxygen ayon sa pangangailangan mo.
- Ang berdeng ilaw ay magpa-flash sa bawat beses na ang hininga ay maramdaman.

Patuloy na siguruhin na ang nasal cannula ay maayos na naihanay sa mukha at ikaw ay humihinga sa ilong.



HUWAG gamitin ang iyong concentrator kung ikaw ay may sakit o hindi komportable.

HUWAG gamitin ang iyong concentrator kung ang concentrator ay hindi nagbibigay ng signal ng oxygen pulse.

HUWAG gamitin ang iyong concentrator kung hindi mo marinig at/o maramdaman ang oxygen pulse.

HUWAG gamitin ang iyong concentrator kung hindi mo marinig ang mga napapakinggan na mga alarm.

HUWAG hayaan ang paninigarilyo o apoy ng 6.56 ft/ 2 m ang lapit sa iyong concentrator.

HUWAG aktibong manigarilyo habang ginagamit ang iyong concentrator.

- o Kung ikaw ay maninigarilyo, palagi mong patayin ang iyong concentrator, alisin ang cannula, at iwanan ang silid kung saan nakalagay ang alinman sa iyong cannula o concentrator. Kung hindi kayang iwanan ang silid, maghintay ng 10 minuto pagkatapos huminto ang daloy ng oxygen.


HUWAG iwan ang nasal cannula sa ibabaw ng mga kumot o unan sa silya, kapag naka-on ang POC pero hindi ginagamit.

IMPORTANTE: Para mintinihin ang cannula, magsangguni sa mga tagubilin ng tagagawa ng cannula o sundin ang payo ng iyong propesyonal na tagapangalaga ng kalusugan. Kapag ikaw ay humingal ng mabilisan sa pagitan ng bawat paghinga, maaaring hindi maramdaman ng aparato ang isa sa mga hininga, lalabas na tila nakaligtaan ang isang hininga. Ito ay normal, habang nararamdaman at nasusubaybayan ng aparato ang mga pagbabago sa iyong nakagawiing paghinga. Ang aparato ay normal na makikiramdam sa susunod na paghinga at maghahatid ng oxygen nang naaayon.

5. Nabibitbit na mga Accessory

Nabibitbit na Bag:

- Para gamitin ang Nabibitbit na Bag (CA-500) kung naisin, ikabit ang baterya. Isilid ang aparato sa Nabibitbit na Bag mula sa ilalim na naka-zipper na bukas kasabay ng cannula bard na nakaharap pataas sa itaas na kanang bahagi.
- I-zipper ang flap sa ilalim.



IMPORTANTE: Siguraduhin na ang parehong intake na vent ay makikita sa bukas na mesh na mga panel sa mga gilid ng bag at ang exhaust vent ay makikita sa bukas na mesh na mga panel sa harap ng bag.

- Itago ang mga bagay katulad ng mga ekstra na mga cannula o ID card sa naka-zipper na taguan sa ilalim ng flap sa harap ng nabibitbit na bag.

IMPORTANTE: Ang bag na ito ay maaaring ikabit sa hawakan ng bagahe.

Backpack

- Para gamitin ang Backpack (CA-550) kasabay ng iyong concentrator, ikabit ang baterya at isilid ang aparato sa harapang kompartamento upang ang mga particle filter ay hindi nahaharangan, at ang power input ay maabot.

Ang backpack ay hindi kasama sa system pero maaaring mabili nang hiwalay.




Cart

- Ang Cart ay may gulong at may hawakan na nababago ang haba para madaling dalhin ang Inogen Rove 6. Ang Inogen Rove 6 ay maaaring paandarin gamit ang power ng baterya habang bumibiyahe. Ilagay ang nabibitbit na bag sa ibabaw ng hawakan ng cart. Siguraduhin na ang hawakan ng cart ay isinilid na bukasang manggas sa likod na nabibitbit na bag.



6. Patayin ang iyong concentrator

- Patayin ang aparato sa pamamagitan ng pagpindot at pagpapanatiling nakapindot ang power button.



6.4 LISTAHAN NG MGA ACCESSORY AT MGA BAHAGI

BABALA

Para maiwasan ang pinsala o pagkasira na magpapawalang-bisa sa warranty, gumamit ng mga power supply na itinakda ng Inogen.

Gamitin lamang ang mga power supply/adapter o mga accessory na nakasaad sa manual na ito.

Ang paggamit ng mga accessory na hindi nakasaad ay maaaring mapanganib at/o negatibong makaapekto sa paggana ng aparato. Hindi lahat ng mga accessory ay kasama sa iyong sistema at maaaring hiwalay na bilhin. Ang sumusunod na mga opsyonal na accessory at mga pamalit na mga parte ay maaring bilhin mula sa tagagawa sa www.inogen.com o sa pagtawag sa 1-877-466-4364.

Deskripsyon	Kasangkapan	Deskripsyon	Kasangkapan
Standard na baterya	BA-500/BA-508	AC power cable, South Africa	RP-145
Extended na baterya	BA-516	Nabibitbit na bag	CA-500
AC power supply	BA-502/BA-501	Backpack	CA-550
AC power cable, Europe	RP-116	External na charger ng battery	BA-503
AC power cable, United Kingdom	RP-115	DC power cable	BA-306
AC power cable, North America	RP-109	Cannula barb kit	RP-506
AC power cable, Switzerland	RP-227	Pamalit na mga column	RP-502
AC power cable, Australia	RP-120	Pamalit na mga particle filter	RP-501

BABALA

Huwag gamitin ang aparato o anumang iba pang accessory na nagpapakita ng anumang senyales ng pagkasira.

6.5 RECHARGEABLE NA MGA PACK NG BATERYA (BA-500, BA-508 AT BA-516)

Ang baterya ay magbibigay ng power sa aparato kahit walang koneksyon sa panlabas na power supply. Ang iyong aparato ay maaaring may kasabay na 1 o higit pang baterya, depende sa kumpigurasyon na iyong inorder. Ang aparatong ito ay naaangkop sa tatlong magkaibang baterya: BA-500 at BA-508 ay standard at intermediate, 8-cell na mga baterya habang ang BA-516 ay extended, 16-cell na baterya. Ang mga baterya ay magbibigay ng power sa aparato sa magkaibang tagal ng panahon, depende sa flow setting.



Ang talahanayang ito ay magpapakita ng mga karaniwang tagal ng mga bagong pack ng baterya.

Setting ng Aparato	Haba ng oras ng standard na baterya (BA-500/BA-508)	Haba ng oras ng extended na baterya (BA-516)
1	Hanggang sa 6:15	Hanggang sa 12:45
2	Hanggang sa 5:00	Hanggang sa 10:15
3	Hanggang sa 3:15	Hanggang sa 6:30
4	Hanggang sa 2:15	Hanggang sa 5:15
5	Hanggang sa 1:45	Hanggang sa 3:30
6	Hanggang sa 1:15	Hanggang sa 2:30

TANDAAN: Ang oras ng mga baterya ay mag-iiba depende sa flow setting at kondisyon sa paligid. Ang mga oras na ipinakita ay average at maaaring mag-iiba ng $\pm 10\%$.

6.6 PAGSIYASAT SA KALAGAYAN NG BATERYA KAPAG NAKA-INSTALL SA APARATO

Habang pinapaandar ang baterya, ang display ay magpapakita ng tinatanyag porsyento (%) o minuto ng charge ang natitira. Ang mga icon na ito ang magpapahiwatig na ang aparato ay gumagana sa power ng baterya at hindi naka-charge:



Ang baterya ay puno.



Ang baterya ay mayroong wala pang 10% natitirang charge.



Ang baterya ay may humigit-kumulang na 40% hanggang sa 50% na natitirang charge.



Ang baterya ay naubos o ang kalagayan ng baterya ay hindi nakikita.

IMPORTANTE: Kung ma-detect ng aparato na ang baterya ay mayroong wala pang 10 minuto na natitira, tutunog ang isang mababang prayoridad na alarm. Kung ang baterya ay naubos, ang alarm ay mababago sa mataas na prayoridad.


Kung ang baterya ay mayroong walang pang 10 minuto na natitira, gawin ang mga sumusunod:

- Isaksak ang aparato sa isang AC o DC na power source gamit ang AC power supply o DC power cable.
- Patayin ang aparato at palitan ang naubos na baterya ng naka-charge na baterya. Para alisin ang baterya, pindutin at panatilihin nakapindot nang matagal ang button ng kawit ng baterya at ilabas ang baterya mula sa aparato.

Kung naubos ang baterya, i-charge ang baterya sa pamamagitan ng pagsaksak ng aparato sa external na power o pag-charge nito ng external na charger ng baterya.

6.7 PAGSIYASAT SA KALAGAYAN NG BATERYA KAPAG HINDI NAKA-INSTALL SA APARATO

- Para siyasatin ang charge ng baterya kapag hindi ito naka-install sa aparato, pindutin ang berdeng button ng icon ng baterya. Ang mga ilaw na nagpapahiwatig ng lebel ng baterya (<10% - 100%) ay mag-iilaw sa kaliwang panig ng berdeng button icon ng baterya para ipahiwatig ang lebel ng charge ng pack ng baterya:
- 4 LED na umilaw Ilaw: 75% hanggang 100% puno
- 3 LED na umilaw: 50% hanggang 75% puno
- 2 LED na umilaw: 25% hanggang 50% puno
- 1 LED na umilaw: 10% hanggang 25% puno
- 1 LED na Kumukurap: Ang baterya ay wala pang 10% puno at kailangang i-recharge.



6.8 PAG-CHARGE NG MGA BATERYA NA KASAMA NG CONCENTRATOR

Ang concentrator ay magcha-charge ng baterya anumang oras na ang baterya ay naka-install at ang aparato ay nakakonekta sa external na AC o DC power source (maliban kung nasa eroplano). Malalaman mo na ang baterya ay nagcha-charge kung ang icon na baterya sa display ng aparato ay mayroong kidlat na pinapakita:



Ang baterya ay na-charge nang puno at nagcha-charge kung kinakailangan para mamintina ang charge nito.



Ang baterya ay nagcha-charge na may lebel ng charge sa pagitan ng 60% at 70%.



Ang baterya ay nagcha-charge na may lebel ng charge na mas kaunti sa 10%.



Ang aparato ay umaandar mula sa external na power source na walang baterya.

Kapag magsisimulang mag-charge ang lubos na naubos na baterya, ang proseso ng pag-charge ay maaaring magsimula at huminto sa unang mga minuto. Ito ay normal.

Ang pag-iwan sa iyong aparato na nakasaksak nang higit pa sa buong oras ng pag-charge ay hindi pahamak sa aparato o sa baterya. Kung gumagamit ng maraming mga baterya, siguraduhing ang bawat baterya ay may label (1, 2, 3, o A, B, C, atbp) at paghali-halilihin sa regular na pagitan.

6.9. KABUANG BUHAY AT PAG-AALAGA NG BATERYA

Ang mga baterya ng aparato ay dinisenyo na tumagal ng 500 siklo ng pag-charge/discharge.

BABALA

Palaging ilayo ang mga likido sa mga baterya. Kung nabasa ang baterya, ihinto ang paggamit at itapon ang baterya nang naayon.

Para pahabain ang buhay ng iyong baterya, iwasan ang paggamit sa temperatura na mas mababa sa 41°F (5°C) o mas mataas sa 95°F (35°C) sa mahabang panahon. Itabi ang baterya sa malamig, tuyong lugar Itabi nang may charge na 40-50%.

Ang mga baterya ay dapat ma-icharge nang puno at ma-discharge nang hanggang 0% ng kahit isang beses bawat 90 araw para mapanatili ang pinakamatagal na buhay.

6.10 NASAL CANNULA

BABALA

Ang maayos na pagkalagay at pagposisyon ng mga prong ng nasal cannula ay kritikal para ang maihatid ang oxygen. Siguraduhing ang nasal cannula ay maayos na nakakonekta sa nozzle fitting at ang tubo ay hindi mabuhol o maipit sa anumang paraan. Palitan ang nasal cannula sa regular na pagitan.

BABALA

Ang nasal cannula ay dapat rated ng hanggang 6 na litro bawat minuto para masiguro ang maayos na paghahatid ng oxygen. Tandaan na ang mga cannula ay maaaring ma-rated sa "litro sa bawat minuto" kahit na ang iyong itinakdang pulse dose setting na numero ay hindi kumakatawan sa patuloy na daloy sa litro sa bawat minuto.



Ang nasal cannula ay dapat gamitin kasama ng aparato para magbigay ng oxygen mula sa concentrator. Ang isang lumen cannula na hanggang 25 na feet ang haba ay nirerekomenda para masiguro ang tamang pag-detect ng hininga at paghahatid ng oxygen. Sumanguni sa tagubilin sa paggamit ng tagagawa.

6.11 AC POWER SUPPLY (BA-502/BA-501)


Ang Inogen Rove 6 POC ay may kasama na AC power supply na nakakonekta sa aparato at AC power cable para mag-konekta sa power supply at sa katumbas na AC outlet. Ang AC power supply ay awtomatikong babagay sa input na mga boltahe mula sa 100V-240V (50-60 Hz).

6.12 DC POWER CABLE (BA-306)

Ang DC na power cable ay naglalaman ng isang kable na ang isang dulo ay direktang naisasaksak sa aparato at ang kabilang dulo ay pupunta sa DC na saksakan.

Para gamitin ang DC power cable:

- Isaksak ang isang dulo ng DC power cable sa DC auxiliary port.
- Isaksak ang kabilang dulo ng DC power cable sa aparato.
- Siguraduhing ang aparato ay matatag bago paandarin.



BABALA

Huwag hawakan ang dulo ng DC power cable pagkatapos gamitin dahil ito ay mainit. Ang paghawak sa dulo ng DC power cable kaagad pagkatapos ng pagtanggap mula sa DC auxiliary port ay maaaring magdulot ng pinsala.

6.13 EXTERNAL NA CHARGER NG BATERYA (BA-503, OPSYONAL NA ACCESSORY AY HINDI KASAMA)

Ang external na charger ng baterya ay magcha-charge ng standard na (BA-500/BA-508) at extended na (BA-516) baterya. Hindi ito kasama bilang standard na accessory kasabay ng system pero maaaring bilhin ng hiwalay. Maaari mo ring gamitin ang iyong aparato para i-charge ang baterya habang ito ay nakasaksak sa AC o DC power supply.

Para gamitin ang external na charger ng baterya, sundin ang mga sumusunod na hakbang:



1. Ikonekta ang AC power plug sa saksakan ng kuryente.



2. Ikonekta ang AC input plug sa AC na power supply.



3. Ikonekta ang power output plug sa external na charger ng baterya.




4. Ikabit ang external na charger ng baterya sa pamamagitan ng pag-slide nito sa baterya hanggang sa marinig ang click na ito ay naka-lock sa baterya.



5. Matapos na ang mga aparato ay maayos na nakonekta, isang solid na pulang ilaw ang liliwanag na nagpapahiwatig na na-charge na ang baterya.



6. Kapag ang berdeng ilaw ay lumiwanag, ang baterya ay puno na ng charge.



7. Pindutin ang kawit ng baterya pababa at i-slide ang charger mula sa baterya.

Pagsusuri para sa Mga Error: Kapag ang pulang ilaw ay nagpa-flash, i-unplug mula sa saksakan ang aparato at kumpletuhin ang mga hakbang 1-4 muli. Kung ang pagpa-flush ay magpatuloy, kontakin ang nagbigay sa iyo ng kagamitan.

6.14 PAGBIYAHE NA MAY APARATO

Ang aparatong ito ay umaayon sa lahat ng angkop na kriterya sa pagtanggap ng FAA para sa POC carriage at paggamit sa loob ng eroplano.

IMPORTANTE

Tungkulin ng pasyente na kontakin ang partikular na kompanya ng eroplano kapag bumibiyahe ng sa loob ng bansa at sa ibang bansa kasama ang POC.

Kapag magbibiyaha dala ang aparato, siguraduhing dalhin ang AC power supply at ang External na Charger ng Baterya (kung mayroon ka nito). Minumungkahi na gumamit ng external na power (i.e., nakasaksak sa dingding) kung saan ito ay pwede para mapanatiling puno ang charge ng baterya.

Magdala ng sapat na naka-charge na mga baterya para mapagana ang iyong concentrator ng hindi bababa sa 150% ng inaasahang tagal nga iyong byahe, oras ng paglapag bago at pagkatapos ng iyong paglipad, screening na security, mga koneksyon at konserbatibong pagtatanya para sa hindi inaasahang pagkaantala. Tandaan na batay sa mga regulasyon ng FAA, ang lahat ng mga ekstra na baterya ay dapat indibidwal na nakabalot at protektado para mapigilan ang mga short circuit at ilalagay lamang sa carry-on na bagahe sa loob ng eroplano.

Ang AC Power Supply ay hindi maaring gamitin para mag-charge ng baterya ng aparato kapag nasa eroplano. Kapag nagbibiyaha sa bus, tren o sa barko, kontakin ang iyong kompanya ng iyong sinasakyan para malaman ang tungkol sa magagamit na power port.

6.15 PAGTABI NG IYONG CONCENTRATOR

Itabi ang iyong concentrator.

- Alisin ang baterya mula sa aparato.
- Itabi ang concentrator, baterya at mga accessory ng power sa malamig-lamig, na tuyong lugar.
- Itabi nang may charge na 40-50%.

HUWAG ilagay sa mga temperatura na mas mababa sa 41°F (5°C) o mas mataas sa 95°F (35°C) para sa mas mahabang panahon.

HUWAG maglagay ng mga bagay sa ibabaw ng concentrator o nakabalot na concentrator.

6.16 PAGTUGON SA MGA ALARM

BABALA

Kung hindi mo marinig o makita ang mga alarm, hindi normal ang pagkasensitibong pandamdang (tactile sensitivity), o hindi makapahiwatig ng kawalan ng ginhawa, konsultahin ang iyong clinician bago gumamit ng aparato ng ito.

Ang pagpindot sa bell button ay magpapa-aktibo (turn on) at papatay (turn off) ng walang-hiningang-maramdaman na alarm. Kung ang naririnig na walang-hiningang-maramdaman na alarm ay naka-ON (dahil hindi naramdaman ng concentrator ang hininga sa loob ng 60 segundo, tingnan ang seksyon 7: mga alarm para sa mga kondisyon na walang-hiningang-maramdaman na alarm), ang concentrator ay magpapatunog ng tatlong beep, na inuulit bawat 25 segundo at mayroong kumikislap na dilaw na ilaw. Kung na-trigger ang alarm, ang concentrator ay mag-uumpisa sa paghahatid ng mga pulso ng oxygen sa bilis na 20 boluses sa bawat minuto. Kung ang walang-hiningang-maramdaman na alarm ay naka-OFF, tutugon ang concentrator sa parehong paraan ng kapag walang hininga ang na-detect sa loob ng 60 segundo PERO ang umuulit na 3 beep ay hindi tutunog. Maski ang walang-hiningang-maramdaman na mode ay naka-on o off, hindi ito makakaapekto sa paggana ng alarm ng iba pang mga alarm o notipikasyon ng aparato.

Importante: Ang system ng alarm ay sinusuri sa panahon ng pagsisimula. Makikita mo ang lahat ng mga alarm na saglit na mag-on at maririnig na humuhuni ang alarm. Kung ang mga alarm ay hinihinalaan mong hindi gumagana, kontakin ang nagbigay sa iyo ng kagamitan para matiyak na gumagana nang maayos ang mga alarm.

7. TAGAPAGHIWATIG NG ALARM & GLOSSARY NG ICON SA APARATO

7.1 IMPORMASYON NA ISINABUOD

Ang aparato ay gumagamit ng mga icon at alarm upang ipaalam ang kalagayan nito. Ang glossary ay magbabalangkas sa lahat ng mga icon at alarm upang tamang mainterpreta ang kalagayan ng aparato.



1. Ang icon sa kalagayan ng baterya #1: ay magpapakita ng tinatantiyang oras na natira sa kasalukuyang charge ng baterya at ang kasalukuyang flow setting, na pinapakita sa oras at minuto.

2. Ang icon sa kalagayan ng baterya #2: ay magpapakita sa % ng baterya na naka-charge.

3. Ang icon sa impormasyon ng baterya at power supply: ay nagsasabi kung ang baterya ay nakakabit o hindi, ang lebel ng charge ng baterya, kung ang aparato ay konektado sa power supply o kung ang baterya ay nagtsa-charge o hindi. Tingnan ang power supply na seksyon para sa listahan ng mga icon.

4. Flow setting: nagpapakita kung aling flow setting naka-on ang aparato, mula 1 hanggang 6.

5. Ang icon ng walang-naramdamang-hininga na alarm: ay nagsasabi kung ang naririnig na alarm ay naka-ON o OFF.

6. Icon ng volume: nagpapakita ng mga lebel ng lakas ng tunog ng alarm.

7. Pang-impormasyon na icon o mga alarm na icon: pang-impormasyong mga signal o nakikitang mga alarm. Ito ay maaaring i-display bilang isa o maraming mga icon at maaaring mayroon o walang kasamang naririnig na mga alarm.

7.2 MODE NA MGA ICON










	Ang walang-hininga-na-maramdaman na naririnig na alarm ay naka-ON		Ang walang-hininga-na-maramdaman na naririnig na alarm ay nakapatay (OFF). Ito ang kondisyon na default.
	Buzzer lebel 1		Buzzer lebel 3
	Buzzer lebel 2		Buzzer lebel 4

7.3 BLUETOOTH NA MGA ICON (PARA SA MGA MODELO NA MAY BLUETOOTH)

	Naka-off ang Bluetooth.		Naka-on ang Bluetooth.
	Pagpapares sa Inogen Connect na aplikasyon.		Ang Concentrator ay tinanggal ang pagpapares mula sa mobile na device.

7.4 PANG-IMPORMASYON NA MGA ICON

Ang sumusunod na mga naka-display na icon ay walang kasamang mga naririnig na feedback o nakikitang pagbabago sa nagpapahiwatig na mga ilaw.

Display na mga Icon	Deskripsyon at Aksyon (kung kinakailangan)
	Flow setting: Ang "X" ay kumakatawan sa piniling flow setting (hal., setting 2).
	Maghintay na tagapagpahiwatig: Ang simbolong ito ay lalabas habang ang concentrator ay nag-uumpisa. Pagkatapos ng maikling sequence ng pag-andar, magsisimula ang isang saglit na warm up na hanggang 2 minuto. Sa panahong ito ang oxygen concentration ay nabubuo pero hindi pa umabot sa espesipikasyon.
HH:MM	Oras na natira sa charge ng baterya: Ang "HH:MM" ay kumakatawan sa tinatantiyang oras na natitira sa charge ng baterya sa oras:minuto (hal., 1:45).
	Charge ng baterya at kalagayan ng pagcha-charge: Ang simbolong ito ay nagpapahiwatig na ang baterya ay naka-install at nagcha-charge. Para sa kumpletong listahan ng mga simbolo ng pagcha-charge ng baterya, tingnan ang 'pagcha-charge ng baterya sa concentrator' (seksyon 6.8).
	Kalagayan ng lebel ng baterya: Ang simbolong ito ay nagpapahiwatig ng lebel ng baterya (humigit-kumulang 50% sa halimbawang ito). Sumangguni sa 'pagsisiyasat sa kalagayan ng baterya kapag naka-install sa aparato' (seksyon 6.6).
XX %	% ng baterya na naka-charge: Ang simbolong ito ay lalabas kapag ang concentrator ay naka-saksak at ginagamit para i-charge ang baterya (hindi ginagamit para sa produksyon ng oxygen). Normal na makikita na ang bateryang punong naka-charge na mababasa sa pagitan ng 95% at 100% kapag ang external na power ay tatanggalin. Ang katangiang ito ay magpapahaba ng kapaki-pakinabang na buhay ng baterya.
	Sieve (columns) reset: Ang simbolong ito ay nakadisplay kung kinakailangan ang pagmintina ng column at pagkatapos na na-install ang pamalit na mga column.
	Tagumpay ang pag-reset ng sieve: Ang simbolong ito ay pinapakita kapag ang mga sieve column ay tagumpay na nai-reset.
	Ang paglipat ng mga log ng data ay isinasagawa o ang update ay isinasagawa (app lamang): Ang icon na ito ay pinapakita habang ang mga paglipat ng log ng lahat ng data at ang mga software update ay inumpisahan gamit ang Inogen Connect App.
	Tagumpay na paglipat ng log ng data (app lamang): Ang simbolong ito ay ipinapakita pagkatapos na matagumpay na nailipat ang data log gamit ang Inogen Connect App.
Ang mga sumusunod na naka-display na icon ay may kasabay na isang, maikling beep.	
	Maghintay, pinapatay: Ang power button ay pinindot ng 2 segundo. Ang concentrator ay nagsasagawa ng pagpapatay ng system.
HH:MM Vx.x:SN	Life Clock (HH:MM), software na bersyon & display ng serial na numero (Vx.x:SN): Ang Life Clock, software na bersyon & serial na numero ay naka-display kapag ang button ng 'Walang-hininga-na-naramdaman' na naririnig na alarm (bell button) ay napindot nang 5 segundo habang umaandar ang concentrator.

7.5 MGA ALARM

Ang aparato ay magsusubaybay sa iba't ibang mga parameter sa panahon ng pagpapa-andar at paggamit ng matalinong system ng alarm para ipahiwatig ang di-paggana ng concentrator. Ang mga matematikal na algorithm at mga pagkaantala ng oras ay ginagamit upang bawasan ang probabilidad ng mga maling alarm samantalang nagsisiguro ng tamang notipikasyon ng kondisyong alarm. Kung maraming mga kondiyong alarm ang natuklasan, ang pinakamataas na prayoridad ang ipapakita. Tandaan na ng pagkabigo na tumugon sa dahilan ng kondisyong alarm ay magreresulta sa kawalan ng ginhawa o reversible na pinsala lamang (hal., mas mababang supply ng oxygen o pagkapaso). Kapag may alarm, pagsikapang matugunan ang isyu at/o lumipat sa backup na pinagkukunan ng oxygen.

BABALA

Ang naririnig na mga alarm ay para magbabala sa mga user ng mga problema. Para masiguro na ang mga naririnig na mga alarm ay marinig, ang pinakamalayong distansya na maabot ng gumagamit mula rito ay aalamin base sa lebel ng ngay sa paligid. Siguraduhing ang aparato ay nasa lokasyon kung saan ang alarm ay maaring marinig o makita kung ito ay mangyari.

Ang sumusunod na seksyon ay magbibigay ng listahan at paglalarawan ng lahat ng posibleng kondisyon ng alarm. Ang sistema ng alarm ay nilalayan para ipaalam sa gumagamit habang suot ang aparato na nasa shoulder bag o habang ang aparato ay nakalapag sa layo na aabot sa katanggap-tanggap na nasal cannula.

Kung ang power plug ay tinanggal habang nakakonekta ang baterya, normal na gagana ang mga alarm. Kapag walang baterya o ang aparato ay hindi konektado sa AC o DC na power, hindi magiging aktibo ang mga alarm dahil walang power. Dahil ang baterya ay konektado, ang pagkawala ng power na tatagal ng kulang sa 30 segundo ay hindi makakaapekto sa system ng alarm.

IMPORTANTE: Kung maraming mga kondiyong alarm ang natuklasan, ang pinakamataas na prayoridad ang ipapakita.

IMPORTANTE: Ang pagkabigo na tumugon sa dahilan ng alarm ay magreresulta sa kawalan ng ginhawa o reversible na pinsala lamang (hal., mas mababang supply ng oxygen o pagkapaso). Kapag may alarm, pagsikapang matugunan ang isyu at/o lumipat sa backup na pinagkukunan ng oxygen.


7.5.1 LOG NG ALARM



Ang aparato ay nagpapanatili sa makukuhang log ng alarm ng pasyente na nagbibigay access sa huling alarm para makita ito sa LCD (maliban sa walang-hininga-na-naramdaman, siyasatin ang cannula, mababang baterya/ikabit ang plug at ubos na baterya/ ikabit ang mga plug alarm). Ang log ng alarm ay pinapanatili sa memory pagkatapos na makaranas ang aparato ng buong pagkawala ng power. Para ma-access ang alarm log, siguraduhin na ang concentrator ay naka-plug at naka-off. Pagkatapos pindutin ang plus (+) button nang 5 segundo. Bilang kahalili, ang log ng alarm ay matatagpuan sa Advanced Tab ng Innogen Connect App sa ilalim ng Error Recall.

Kapag ang bagong alarm ay naging aktibo, ang bagong alarm ay bubura sa naunang alarm. Ang log ng alarm ay pinapanatili sa memory pagkatapos na pinatay ang aparato. Ang oras na lumipas mula ng mangyari ang error ay naka-display kasabay ng huling alarm sa log ng alarm. Ang aparato ay nagpapanatili rin ng log ng alarm para sa serbisyo at pagkumpuni na hindi naa-access ng pasyente.

7.5.2 MGA PANG-IMPORMASYONG SIGNAL (LEBEL 1)



Ang sumusunod na mga icon sa notipikasyon ay kasabay ng isang maikling beep.

Display na Icon	Deskripsyon	Ano ang Dapat Gawin
	<p>Pagkabigo ng power supply o pagkawala ng external na power: Ang baterya ay tumigil sa pagcha-charge at ang aparato ay lumipat sa power ng baterya. Sa kalaunan ang baterya ay mauubos.</p>	<p>I-plug ang power supply para ipagpatuloy ang pagcha-charge ng baterya.</p>

Display na Icon	Deskripsyon	Ano ang Dapat Gawin
	Alisin ang baterya para lumamig: Alisin ang baterya para lumamig.	Ang baterya ay dapat alisin at papalamigin muna bago muling gamitin.
	Siyasatin ang baterya: Siyasatin ang baterya.	Siyasatin ang koneksyon ng iyong baterya at siguruhin na ito ay maayos na nakakabit at nakakawit sa concentrator. Kung ang error sa baterya ay magpatuloy sa parehong baterya, itigil ang paggamit ng baterya at palitan ng bagong baterya o alisin ang baterya at paandarin ang concentrator gamit ang external na power supply.


7.5.3 MABABANG PRAYORIDAD NA ALARM (LEBEL 2)





Ang mga sumusunod na mga mababang prayoridad na alarm ay may kasabay na **isang beep** at isang **solid na dilaw na ilaw**.

Display na Icon	Deskripsyon	Ano ang Dapat Gawin
	Palitan ang mga column: Ang pagpalit ng column ay kinakailangan sa loob ng 30 araw.	Kontakin ang nagbigay sa iyo ng kagamitan para maisaayos ang serbisyo at/o umorder ng bagong mga column mula sa tagagawa.
	Pinahabang pag-umpisa: Ang oxygen concentration ay <87% dalawang minuto pagkatapos ng pag-umpisa ng aparato at hindi bababa sa 10 hininga ang na-detect sa loob ng nakalipas na minuto.	Maghintay ng ilang minuto para makita kung ang oxygen concentration ay bumuti (ang alarm ay mawawala). Kung ang kondisyon ay magpatuloy, isang sekundaryang alarm ang tutunog. Sundin ang mga tagubilin para sa alarm na iyon o kontakin ang nagbigay sa iyo ng kagamitan. Kung ang alarm ay nangyayari ng madalas sa pag-uumpisa, ito ay maaaring magpahiwatig na kinakailangan ang pagmimintina (pagpalit ng column).

7.5.4 MABABANG PRAYORIDAD NA ALARM (LEBEL 3)



Ang mga sumusunod na mga mababang prayoridad na alarm ay may kasabay na **dalawang beep** at isang **solid na dilaw na ilaw**.








Display na Icon	Deskripsyon	Ano ang Dapat Gawin
	Mahinang baterya, ikabit ang plug: Ang power ng baterya ay mahina at kulang sa 10 minuto na lamang ang natitira.	Ikabit ang external na power supply, patayin at isilid ang punong naka-charge na baterya.

Display na Icon	Deskripsyon	Ano ang Dapat Gawin
	Mababang oxygen: Ang concentrator ay gumagawa ng oxygen sa bahagyang mas mababang lebel ($\leq 82\%$) sa loob ng 10 minuto.	Kung ang kondisyon ay magpatuloy, kontakin ang nagbigay sa iyo ng kagamitan.
	Nalalapit na ang pagpaserbisyo: Ang concentrator ay nangangailangan ng pagseserbisyo sa pinakamaagang panahon na pwede. Ang concentrator ay umaandar ayon sa espesipikasyon at maaaring patuloy na gamitin.	Kontakin ang nagbigay sa iyo ng kagamitan para ma-areglo ang serbisyo.
	Babala ng MAINIT na baterya: Ang temperatura ng baterya ay napapalapit sa limitasyon ng temperatura habang ang concentrator ay umaandar sa power ng baterya.	Kung posible, ilipat ang concentrator sa mas malamig-lamig na lokasyon o paandarin ang yunit gamit ang external na power supply at alisin ang baterya. Kung ang kondisyon ay magpatuloy, kontakin ang nagbigay sa iyo ng kagamitan.
	Babala ng MAINIT na sistema: Ang temperatura ng concentrator ay malapit na sa limitasyon ng temperatura.	Kung posible, ilipat ang concentrator sa mas malamig-lamig na lokasyon. Siguraduhing ang intake ng hangin at outlet na mga vent ay may malinaw na access at ang mga particle filter ay malinis. Kung ang kondisyon ay magpatuloy, kontakin ang nagbigay sa iyo ng kagamitan.

7.5.5 MGA KATAMTAMANG PRAYORIDAD NA ALARM (LEBEL 4)

Ang mga sumusunod na medium na prayoridad na mga alerto ay kasabay ng **tatlong beep**, na inuulit kada 25 segundo, at isang **nagpa-flash na dilaw na ilaw**.

Display na Icon	Deskripsyon	Ano ang Dapat Gawin
	Walang-hininga-na-naramdaman: siyasin ang cannula: Ang concentrator ay walang na-detect na hininga sa loob ng 60 segundo.	Siyasin na ang cannula ay nakakonekta sa concentrator, walang mga buhol sa tubo at ang cannula ay nakaposisyon nang maayos sa iyong ilong.
	Error sa oxygen: Ang oxygen output na concentration ay mas mababa sa 50% sa 10 minuto.	Kung magpatuloy ang kondisyon, bumalik sa iyong backup na pinagkukunan ng oxygen at kontakin ang nagbigay sa iyo ng kagamitan upang mag-areglo para sa serbisyo.

Display na Icon	Deskripsyon	Ano ang Dapat Gawin
	Error sa paghahatid ng oxygen: Ang hinga ay naramdaman, pero ang maayos na paghahatid ng oxygen ay hindi na-detect.	Kung magpatuloy ang kondisyon, bumalik sa backup na pinagkukunan ng oxygen at kontakin ang nagbigay sa iyo ng kagamitan upang mag-areglo para sa serbisyo.
	Ubos na ang baterya, ikabit ang plug: Ang concentrator ay walang sapat na power ng baterya. Ang concentrator ay mamatay at hihinto sa paggawa ng oxygen.	Ikabit ang external na power supply at palitan ng naka-charge ng buo na baterya. Kung ang aparato ay nakapatay, pindutin ng matagal ang power button para paandarin itong muli.
	Babala ng MAINIT na baterya: Ang temperatura ng baterya ay malapit sa limitasyon ng temperatura habang ang concentrator ay gumagana sa power ng baterya. Ang concentrator ay mamatay at hihinto sa paggawa ng oxygen.	Kung posible, ilipat ang concentrator sa mas malamig-lamig na lokasyon, at pagkatapos patayin at paandaring muli. Siguraduhing ang intake ng hangin at outlet na mga vent ay may malinaw na access at ang mga particle filter ay malinis. Kung magpatuloy ang kondisyon, bumalik sa external na power o backup na pinagmumulan ng oxygen at kontakin ang nagbigay sa iyo ng kagamitan.
	Babala MAINIT: Ang temperatura ng concentrator ay napakataas. Ang concentrator ay mamatay at hihinto sa paggawa ng oxygen.	Siguraduhing ang intake ng hangin at outlet na mga vent ay may malinaw na access at ang mga particle filter ay malinis. Kung magpatuloy ang kondisyon, bumalik sa backup na pinagmumulan ng oxygen at kontakin ang nagbigay sa iyo ng kagamitan.
	Paggalya ng sensor: Ang oxygen sensor ng concentrator ay pumalya.	Maaari mong patuloy na gamitin ang concentrator. Kung magpatuloy ang kondisyon, kontakin ang nagbigay sa iyo ng kagamitan.
	MALAMIG ang sistema: Ang sistema ay malamig (<math><2^{\circ}\text{C}</math>). Ang concentrator ay mamatay at hihinto sa paggawa ng oxygen.	Lumipat sa mas mainit na paligid para hayaang uminit-init ang aparato bago ito umpisahan. Kung magpatuloy ang kondisyon, bumalik sa backup na pinagmumulan ng oxygen at kontakin ang nagbigay sa iyo ng kagamitan.
	Error sa System: Ang concentrator ay mamatay at hihinto sa paggawa ng oxygen.	Bumalik sa iyong backup na pinagmumulan ng oxygen at kontakin ang nagbigay sa iyo ng kagamitan.

8. PAG-TROUBLESHOOT

Problema	Posibleng Dahilan	Nirerekomandang Solusyon
Anumang problema na kasabay ng impormasyon sa display ng concentrator, nagpapahiwatig na mga ilaw at/o naririnig na mga signal.	Sumangguni sa Seksyon 7: Mga tagapaghiwatig ng Alarm at Glossary ng Icon ng Aparato	Sumangguni sa icon ng aparato & glossary ng alarm
Ang concentrator ay hindi mag-umpisang umandar kapag pinindot ang On/Off na button	Ang baterya ay walang charge o walang baterya	Gumamit ng external na power supply o palitan ng naka-charge nang buo na baterya
	Ang AC Power supply ay hindi konektado ng maayos	Siyasatin ang koneksyon ng power supply at tiyakin na ang berdeng ilaw ay solid
	Ang DC power cable ay hindi konektado nang maayos	Siyasatin ang koneksyon ng DC power cable sa aparato at sa DC auxiliary na outlet
	Di-paggana	Kontakin ang nagbigay sa iyo ng kagamitan
Walang oxygen	Ang concentrator ay hindi naka-on	Pindutin ang On/Off para paandarin ang concentrator
	Ang cannula ay hindi konektado nang maayos o nakabuhol o naharangan	Siyasatin ang cannula at ang mga koneksyon nito sa nozzle ng concentrator
Hindi kumukonekta sa Bluetooth	Ang ibang mga aparato ay maaaring nagdudulot ng interference, o ang mga aparato ay masyadong malayo.	Ilipat ang concentrator na malayo sa ibang mga elektronikong aparato at/o ilipat ito ng mas malapit sa iyong mobile device.

9. MGA OPSYON SA KONEKSYON

Ang Inogen Connect App ay magpapares sa iyong nabibitbit na oxygen concentrator sa iyong mobile device o tablet gamit ang teknolohiyang Bluetooth Ito ay hindi magagamit sa bawat bansa - kontakin ang nagbigay sa iyo ng kagamitan para sa karagdagang impormasyon.

IMPORTANTE: Ang app ay hindi nilayong palitan ang user interface na panel, na pangunahing pinagmumulan ng impormasyon kung saan ang pasyente ay dapat na sumangguni habang ginagamit ang aparato.

IMPORTANTE: Ang koneksyon ng Inogen Rove 6 sa Bluetooth na koneksyon na kinabibilangan ng ibang kagamitan ay maaaring magresulta sa hindi nakilalang nakaraang panganib sa pasyente, mga operator at iba pang mga ikatlong partido. Ang responsabling organisasyon ay dapat na tukuyin, suriin, tasahin at kontrolin ang mga panganib na ito. Ang mga kasunod na pagbabago sa Bluetooth na koneksyon ay maaaring magdala ng mga bagong panganib at mangangailangan ng karagdagang pagsusuri. Ang mga kasama sa pagbabago sa Bluetooth na koneksyon ay:

- Mga pagbabago sa kumpigurasyon ng Bluetooth.
- Koneksyon ng karagdagang mga aytem sa Bluetooth na koneksyon.
- Pagputol ng koneksyon ng mga aytem mula sa Bluetooth na koneksyon.
- Update ng mga kagamitan na konektado sa Bluetooth na koneksyon.
- Upgrade ng mga kagamitan na konektado sa Bluetooth na koneksyon.

9.1 PAGPAPARES NG IYONG APARATO SA IYONG MOBILE APLIKASYON

1. I-download ang Inogen Connect App

- Sa iyong smart phone o tablet, i-search ang 'Inogen Connect' sa App Store (Apple) o Google Play (Android).

2. Ilagay ang aparato sa standby mode

- Ikonek ang mga AC power supply cord sa iyong nabibitbit na oxygen concentrator at i-plug ito sa elektrikong outlet.
- HUWAG i-on ang aparato.

3. Siguraduhin na ang Bluetooth ng iyong mobile device o tablet ay naka-on

- Pumunta *Settings* ng iyong mobile device. I-click ang *Bluetooth* at i-turn-on gamit ang slider.

4. I-aktibo ang Bluetooth sa iyong device

- Siguraduhin na ang concentrator ay hindi naka-on.
- Pindutin nang matagal ang minus na button hanggang lumabas ang Bluetooth icon sa display (tingnan ang seksyon 7.3).

9.2 CYBERSECURITY

Ang seguridad ng medikal na aparato ay pinagsamang responsabilidad ng mga pasyente, provider, at tatagawa ng mga medikal na aparato. Ang kabiguan na mapanatili ang cybersecurity ay maaaring magresulta sa kompromiso sa paggana, pagkawala ng data na magagamit o integredad ng data, o pagkalantad sa iba pang nakakonektang aparato o mga network samga pangseguridad na banta.

Kung gumagamit ng Inogen Connect App, importante na siguraduhin ang mga sumusunod:

- Siguraduhin na panatilihin na updated ang iyong Operating System
- Siguraduhin na panatilihin na updated ang iyong app
- Siguraduhin na gumamit ng mga password
- Patayin ang Bluetooth ng concentrator kapag hindi nakapares sa Inogen Connect App

10. PAGLILINIS, PANGANGALAGA AT PAGMIMINTINA

Ang operator ay dapat magsagawa ng pana-panahon na pag-inspeksyon sa pamamagitan ng pagtingin sa aparato.

BABALA

- HUWAG magsagawa ng pagserbisyo o pagmintina habang ginagamit ang aparato.
- HUWAG kalasin ang aparato o anumang mga accessory o tangkain ang anumang pagmintina maliban sa mga gawain na itinakda sa mga tagubilin sa paggamit na ito; ang pagkalas nito ay magdudulot ng panganib ng pagkakuryente at magpawalang bisa ng iyong warranty. Huwag alisin ang tamper evident na label. Para sa mga pangyayari maliban sa nailalarawan sa manual na ito, kontakin ang nagbigay sa iyo ng kagamitan para sa pagserbisyo ng awtorisadong mga tauhan.
- HUWAG gamitin ang mga column nang hindi naaayon sa nakasaad sa manual ng user na ito. Ang paggamit ng hindi-espesipikadong column ay gagawa ng panganib sa kaligtasan at/o maaring makapinsala sa paggana ng aparato at maaaring magpawalang bisa ng iyong warranty.
- Gumamit lamang ng spare parts na inirekomenda ng iyong tagagawa para siguraduhin ang maayos na paggana at maiwasan ang panganib ng sunog at pagkapaso.

Ang pana-panahon na inspeksyon sa pamamagitan ng pagtingin sa aparato ay kinakailangan upang siguraduhin na walang pinsala na makikita sa mga lantad na bahagi. Ang karaniwang inspeksyon sa pamamagitan ng pagtingin ay kinabibilangan ng:

- Mga konektor ng baterya: ito ay dapat hindi nakabaluktot o wala sa hugis.
- Cannula barb: ito ay dapat na tuwid at ganap na nakapaupo na nakasandal sa housing.
- Housing: ang housing ay dapat ganap na nakapaupo at protektado na walang bitak o anumang pinsala na makikita.
- Mga particle filter: ito ay dapat nasa lugar at walang mga dumi, alikabok o iba pang mga sagabal.

Ang mga pamalit na mga parte ay maaring bilhin mula sa tagagawa sa www.inogen.com o sa pagtawag sa 1-877-466-4364.

10.1 PAMALIT SA CANNULA

Ang nasal cannula ay dapat palitan sa regular na pagitan ayon sa tagubilin sa paggamit ng tagagawa. Kumunsulta sa iyong doktor at/o nagbigay sa iyo ng kagamitan at/o mga tagubilin ng tagagawa ng cannula para sa impormasyon sa pagpapalit.

10.2 PAGLINIS NG KAHA

BABALA

Pipinsalain ng likido ang panloob na mga bahagi ng concentrator at mga kagamitan nito. Para maiwasan ang pagkasira o pinsala mula sa pagkakuryente:

- Alisin ang baterya bago linisan.
- Patayin ang concentrator at i-unplug ang power cable bago linisin.
- H UWAG hayaang umagos ang panlinis sa loob ng air inlet at lagusan ng outlet.
- H UWAG mag-spray o maglagay ng panlinis nang direktso sa kabinet.
- H UWAG gumamit ng hose sa produkto.
- H UWAG ilubog ang aparato o mga accessory sa likido.

Ang matapang na mga kemikal ay maaaring makasira sa concentrator at mga filter.

- H UWAG linisin gamit ang alkohol at mga produkto na gawa sa alkohol (isopropyl na alkohol), concentrated na mga produkto na gawa sa chlorine (ethylene chloride), at mga produkto na gawa sa petroleum o iba pang matapang na mga kemikal.
- Banayad na sabong panghugas ng mga pinggan ang nirerekomenda.

Pana-panahon na linisin ang kaha ayon sa sumusunod:

1. Siguraduhin na ang concentrator ay naka-off at tinanggal sa nabibitbit na bag at ang power cord o ang baterya ay tinanggal.
2. Linisin ang panlabas na kaha gamit ang basahan na medyo binasa ng banayad na sabong panghugas ng plato at tubig.
3. Hayaan ang concentrator na matuyo ng hangin, o gumamit ng tuyong tuwalya, bago isauli ang concentrator sa nabibitbit na bag o backpack at bago gamitin ang concentrator.

IMPORTANTE: Ang aparato ay dapat na tumanggap ng lingguhang panlabas na paglilinis; ang mga accessory ay dapat linisin kung kinakailangan. Ang aparato ay ibinibigay nang di-sterile at ang dapat linisin ang panlabas na bahagi ng aparato at palitan ang filter bago ibigay sa bagong pasyente.

10.3 PAGLINIS AT PAGPALIT NG FILTER (RP-501)

Ang mga particle filter ay dapat linisin bawat **linggo** para siguraduhin ang madaling daloy ng hangin.

Para linisin:

1. Alisin ang baterya mula sa device.
2. Alisin ang mga particle filter sa parehong intake na mga dulo ng aparato.
3. Linisin ang mga particle filter gamit ang banayad na sabong panghugas ng mga pinggan at tubig, banlawan ng tubig at patuyuin nang husto bago muling gamitin.

Upang bumili ng mga karagdagang mga particle filter, kontakin ang nagbigay sa iyo ng kagamitan o ang tagagawa na Inogen sa Inogen.com o sa pamamagitan ng pagtawag sa 1-877-466-4364.

10.4 PAMALIT NG CANNULA BARB OUTPUT FILTER (RP-506)

Ang cannula barb ay nagkokonekta sa lagusan ng gas papunta sa cannula habang ang output filter ay dinisenyo para protektahan ang user mula sa paghinga ng maliit na mga particle habang ginagamit ang aparato. Ang output filter ay matatagpuan sa likod ng cannula barb at dapat palitan kapag iba na ang pasyente o kapag pinalitan ang cannula barb. Para palitan ang cannula barb at output filter, sundin ang sumusunod na mga hakbang:


1. Pihitin ang spanner wrench tool nang counterclockwise para tanggalin ang cannula barb.
2. Tanggalin ang cannula barb.
3. Siyasin kung may natirang dumi sa loob. Isilid ang bagong kasamang cannula barb at ang output filter.
4. Pihitin ang spanner wrench tool nang clockwise hanggang siguradong nakabit ang cannula barb. Huwag pihitin nang labis.



10.5 PAGPALIT NG COLUMN (RP-502)


Ang aparato ay naka-programa para alertuhin ka kapag ang mga column ay kailangan ng palitan (tingnan ang seksyong 'Mga Alarm'). Kahit na kailangan mong bilhin ang mga column mula sa tagagawa o sa tagapagbigay sa iyo ng serbisyo, ang mga column ay dinisenyo para madaling palitan ng pasyente sa pamamagitan ng pagsunod sa sumusunod na mga hakbang:

1. Patayin ang aparato sa pamamagitan ng pagpindot at pagpapanatiling nakapindot sa power button.
2. Kapag ginagamit, tanggalin ang aparato mula sa nabitbit na bag o backpack.
3. Alisin ang baterya mula sa aparato.
4. Ipatagilid ang aparato upang ang ilalim ay nakikita.
5. Ang mga column ay nasa isang panig ng aparato.



6. I-unlock ang mga column sa pamamagitan ng pagtulak sa kawit na button palayo sa mga column.
7. Habang hinahawakan ang kawit ng button na pabukas, i-slide ang column assembly palabas sa aparato sa pamamagitan ng paghila sa metal na hawakan para sa paghila.
8. Ganap na alisin ang mga column mula sa aparato sa pamamagitan ng paghila palabas sa metal na hawakan para sa paghila.
9. Ang parehong column ay tinatanggal bilang isang piraso.
10. Para ikabit ang bagong mga column, unang alisin ang apat (4) na dust cap mula sa bagong mga column.
11. Siguraduhing walang alikabok o dumi kung saan matatagpuan ang mga dust cap.
12. Isilid ang bagong mga column sa aparato kaagad pagkatapos tanggalin ang mga dust cap.

HUWAG iwanang nakalantad ang mga dulo ng column.




13. Itulak ang mga column hanggang sa ang kawit ay tutunog ng click at bumalik sa nakasasadong posisyon.
14. Itulak at tiklopin ang metal na hawakan para sa paghila na nakapantay sa dulo ng mga column.

IMPORTANTE: Kailangan mong ipaalam sa aparato na pinalitan mo na ang mga column. Ito ay maaaring gawin gamit ang aparato mismo o sa pamamagitan ng Inogen Connect App.

15. Pag-reset ng column sa pamamagitan ng aparato.

- a. Ikabit ang aparato sa AC power ngunit HUWAG paandarin ang aparato.
- b. Pindutin at hayaang nakapindot ang plus (+) at (-) minus button nang 5 segundo. Ang screen ay magdidisplay ng 'sieve reset' na pang-impormasyong icon.
- c. Bitawan ang mga button pagkatapos ma-display ang 'sieve reset' na icon sa screen.
- d. Pindutin ang bell button ng isang beses. Ang screen ay magdidisplay ng 'sieve reset success' na pang-impormasyong icon.
- e. Pindutin at panatilihin na nakapindot ang power button para paandarin ang aparato.



16. Pagreset ng mga column sa pamamagitan ng Inogen Connect App

- a. Buksan ang Inogen Connect App sa iyong mobile device o tablet.
- b. Pumunta sa Advanced screen.
- c. Mag-Click sa *Karagdagang Impormasyon*.
- d. Mag Click sa *Column Reset* na button.



10.6 PANGANGALAGA AT PAGMINTINA NG BATERYA

Ang lithium-ion na mga baterya ay nangangailangan ng espesyal na pangangalaga para masiguro ang maayos na paggana at mahabang buhay. Gumamit lamang ng tugmang mga baterya sa iyong aparato.

- **Panatiliing tuyo:** Palaging ilayo ang mga likido sa mga baterya. Kung nabasa ang baterya, ihinto kaagad ang paggamit at itapon ang baterya nang naaayon.
- **Epekto ng temperatura sa paggana ng baterya:** Ang baterya ay nagbibigay ng power sa aparato sa halos lahat ng kondisyon ng paligid. Para pahabain ang buhay ng iyong baterya, iwasan ang paggamit sa temperatura na mas mababa sa 41°F (5°C) o mas mataas sa 95°F (35°C) sa mahabang panahon.
- **Pagtabi ng baterya:** Tanggalin ang baterya mula sa aparato kapag hindi ito ginagamit para maiwasan ang pag-discharge nito. Itabi ang baterya sa malamig, tuyong lugar Itabi na may charge na humigit-kumulang 40-50%. Ang mga baterya ay dapat ma-icharge nang puno at ma-discharge nang hanggang 0% ng kahit isang beses bawat 90 araw para mapanatili ang pinakamatagal na buhay. Iwasan ang pagtabi nga baterya ng aparato sa sukdulang temperatura, mababa sa -4°F (-20°C) o mataas sa 140°F (60°C), sa anumang tagal ng panahon.
- **Pagtapon ng Baterya:** Ang mga baterya ay dapat lang ilagay sa mga pangkolektang sisidlan para sa mga basurang nabibitbit na baterya kay ang mga ito ay na-discharge, o kapag isinagawa ang mga pag-iingat laban sa short circuit sa pagkakataon na ang baterya ay hindi ganap na na-discharge (sa pamamagitan ng paghiwalay ng mga pole gamit ang adhesive na tape). Lithium-ion na mga baterya katulad ng mga rechargeable baterya, ay recyclable at hindi dapat sinusunog.

10.7 PAGPALIT NG DC POWER CABLE FUSE (RP-125)

Ang DC power cable ay naglalaman ng fuse. Kung ginagamit ang DC power cable gamit ang kilalang mabuting pinagmumulan ng power at ang aparato ay hindi nakakatanggap ng power, ang fuse ay kailangang palitan.

Para palitan ang fuse:

1. Tanggalin ang dulo sa pamamagitan ng pagunscrew sa retainer. Gumamit ng tool kung kinakailangan.
2. Tanggalin ang retainer, ang dulo at ang fuse.
3. Ang spring ay dapat manatili sa loob ng adapter housing
4. Kung tatanggalin ang spring, palitan muna ang spring bago isilid ang pamalit na fuse
5. I-install ang pamalit na fuse.
6. Muling buuin ang dulo.
7. Siguruhin na ang retainer na ring ay maayos na napaupo at hinigpitan.



BABALA

- **PANGANIB NA MALUNOK:** ang maliliit na mga parte ay nakalantad kapag pinapalitan ang fuse, ilayo mula sa mga maliit na bata at mga alagang hayop.
- **KRITIKAL NA LAKI NG FUSE:** ang maling laki ng pamalit ng fuse ay maaaring magresulta sa sunog o hindi sapat na proteksyon sa kagamitan. Palitan lamang ng parehong uri at rating ng fuse.
- **ELEKTRIKAL NA SHOCK:** ganap na i-diskonekta ang mga kable bago tangkaing palitan ang fuse.
- Huwag magsabit ng anumang uri ng accessory o accessory na bracket mula sa plug.

11. PAGKUMPUNI AT PAGTAPON NG APARATO

11.1 PAGKUMPUNI

Huwag tangkaing kumpunihin ang aparato maliban lamang kung itinakda sa mga tagubilin sa paggamit. Kontakin ang nagbigay sa iyo ng kagamitan o ang Inogen para sa tulong.

11.2 PAGTAPON

Sundin ang iyong lokal na batas ng gobyerno para sa pagtapon at pagrecycle ng aparato at mga accessory. Kung ang mga regulasyon WEEE ang sinusunod, huwag itapon sa hindi na-sort na basura ng munisipyo. Sa Europe, kontakin ang Awtorisadong Kinatawan ng EU para sa mga tagubilin sa pagtapon. Ang baterya ay naglalaman ng mga lithium-ion cell at dapat na i-recycle. Ang baterya ay hindi dapat sunugin.

12. TEKNIKAL AT PRODUKTONG MGA ESPESIPIKASYON

12.1 MGA ESPESIPIKASYON

Inogen Rove 6 Portable Oxygen Concentrator (Model # IO-501)	
Paghihiwalay ng Mains	Tanggalin ang parehong DC input cable mula sa device at sa pack ng baterya.
Dimensyon ng standard na baterya	7.18 x 3.27 x 8.14 (18.24 x 8.31 x 20.68)
Dimensyon ng extended na baterya	7.18 x 3.27 x 9.02 (18.24 x 8.31 x 22.91)
Timbang kasama ng standard na baterya	4.8 pounds (2.2 kg)
Timbang kasama ng extended na baterya	5.8 pounds (2.6 kg)
Nominal na lebel ng tunog	39 dBA na tipikal sa setting 2 (MDS-Hi) Pinakamalaking system sound power na 62 dBA Pinakamalaking system sound pressure na 54 dBA Tipikal na pinakamababang alarm sound pressure na 62.3 dBA (Sinukat sa nabibitbit na bag) Tipikal na pinakamataas na alarm sound pressure na 67.5 dBA (Sinukat sa nabibitbit na bag) (Mga sound pressure na sinukat sa 1 meter alinsunod ng ISO 3744)
Warm up na oras	2 minuto
Oxygen concentration*	90% + 6% at - 3% sa lahat ng mga setting
Pagkasensitibo sa inspiratory trigger pressure	<0.12 cm H2O
Mga Flow control setting	Pulse dose setting 1,2,3,4,5,6
Maximum na presyon ng outlet	< 28.9 PSI (199 kPa)
AC Power	100 hanggang 240 VAC, 50 hanggang 60 Hz Autosensing 2.0 – 1.0A
DC Power	13.5-15.0 VDC, 100W Max na boltahe: 12.0 hanggang 16.8 VDC (+ 0.5)
Uri ng baterya	Lithium ion
Rechargeable battery:	12.0 hanggang 16.8 VDC (± 0.5V)
Re-charge na oras ng baterya	Standard (BA-500 & BA-508): up to 3 hours Extended (BA-516): hanggang 4 na oras
Temperatura sa Pag-andar**	41 hanggang 104°F (5 hanggang 40°C)
Humidity ng Pag-andar	15% hanggang 90%, non-condensing
Operating atmospheric pressure	70 kPA hanggang sa 106 kPA
Altitude ng Paggana**	0 hanggang 10,000 ft (0 hanggang 3048 metro)
Temperatura ng pagpapadala at pagtabi	-13 hanggang 158°F (-25 hanggang 70°C)

Inogen Rove 6 Portable Oxygen Concentrator (Model # IO-501)

Humidity ng paghahatid at pagtabi	Hanggang sa 90%, non-condensing Itabi sa tuyong kapaligiran.
Mga kawalan ng katiyakan sa pagsusukat:	Mga pulse volume: $\pm 15\%$ ng rated volume Pressure: ± 0.03 psig (General) / ± 0.05 cm H ₂ O (Inspiratory Trigger Sensitivity) Oxygen concentration: $\pm 3\%$ (hindi sinasama ang temperatura, barometric pressure, at oras mula sa measurement device calibration)
Intelligent Delivery Technology®	Ang mga aparato ng Inogen ay gumagamit ng mga kumplikadong algoritmo na idinisenyo upang matuklasan ang mababaw na paghinga hanggang sa 0.12 cm H ₂ O at magpapabago ng laki ng bolus ng oxygen upang matugunan ang bilis ng paghinga ng pasyente. Sa pagtuklas, ang Inogen One ay naghahatid ng oxygen sa loob ng unang 250 millisegundo ng paghinga, sa panahon na ang oxygen na terapiya ay pinaka-epektibo.

*Base sa atmospheric pressure na 101.3 kPa (14.69 psi) sa 20° C (68° F) & Tuyo (STPD).

**Ang paggamit sa labas ng mga pagganang kundisyon ay maglilimita sa abilidad ng concentrator na matugunan ang Oxygen Concentration na tinatakda a mas mataas na litro ng flow setting.

12.2 MGA PULSE VOLUME FLOW SETTING

Inogen Rove 6 Pulse Volumes per Flow Setting

(mL/breath $\pm 15\%$ per ISO 80601-2-67)


HININGA SA BAWAT MINUTO	1	2	3	4	5	6
10	21.0	42.0	63.0	84.0	105.0	126.0
15	14.0	28.0	42.0	56.0	70.0	84.0
20	10.5	21.0	31.5	42.0	52.5	63.0
25	8.4	16.8	25.2	33.6	42.0	50.4
30	7.0	14.0	21.0	28.0	35.0	42.0
35	6.0	12.0	18.0	24.0	30.0	36.0
40	5.25	10.5	15.75	21.0	26.25	31.5
KABUANG VOLUME SA BAWAT MINUTO (ML/MIN)	210	420	630	840	1050	1260

BABALA

- Ang mga setting ng ibang mga model o brand ng kagamitan sa terapiya ng oxygen ay maaaring hindi katumbas sa setting ng aparatong ito.
- Ang mga setting ng aparatong ito ay hindi tumutugma sa setting ng mga aparato na nagbibigay ng patuloy na daloy ng oxygen.

Pneumatic Diagram

Ang proseso ay dumadaloy mula kaliwa patungo sa kanan



12.3 IMPORMASYON SA ELECTROMAGNETIC COMPATIBILITY (EMC)

BABALA

- Ang paggamit ng mga accessory, transducer, at kable na iba mula sa itinakda o binigay ng tagagawa ng kagamitang ito ay maaaring magresulta sa mas maraming electromagnetic emission o mas kaunting electromagnetic immunity ng kagamitang ito at magresulta sa hindi wastong paggamit.
- Iwasan ang pagkalantad sa mga kilalang pinanggagalingan ng EMI (electromagnetic interference) katulad ng diathermy, lithotripsy, electrocautery, RFID (Radio Frequency Identification), at electromagnetic na system ng seguridad katulad ng anti-theft/electronic article surveillance na mga system, mga metal detector. Tandaan na ang presensya ng mga aparatong RFID ay maaaring hindi halata. Kung ang mga interference ay pinaghihinalaan, ilipat ang kagamitan, kung posible para ma-maximize ang distansya.
- Nabibitbit na RF communication na mga aparato (kasama ng mga peripheral katulad ng kable na antenna at external na antenna) ay dapat gamitin ng hindi mas malapit sa 30 cm (12 inches) sa anumang parte ng aparato, kasama ng mga kable na espesipikado ng tagagawa. Kung hindi, magresulta ito sa pagbaba ng paggana ng aparato.
- Ang aparato ay hindi dapat gamitin katabi ng o nakapatong sa iba pang kagamitan. Kung kailangan na gamitin na katabi o nakapatong, dapat obserbahan ang aparato para matiyak ang normal na pag-andar. Kung hindi normal ang pag-andar, dapat ilipat ang aparato o ang ibang kagamitan.

Ang medikal na elektrikal na aparato ay dapat na i-install at gamitin ayon sa impormasyon ng EMC sa manual na ito.

Ang aparatong ito ay sinuri at natagpuang sumusunod sa mga limitasyon ng EMC na tinukoy sa IEC 60601-1-2. Ang mga limit na ito ay dinisenyo upang magbigay ng resonableng proteksyon laban sa electromagnetic na interference sa isang karaniwang lugar ng tahanan.

Ang concentrator na ito ay naglalaman ng Transmitter Module IC: 2417C-BX31A. Naglalaman ng FCC ID: N7NBX31A. Ang aparato ay sumusunod sa Bahagi 15 ng mga tuntunin ng FCC. Ang operasyon ay makakaranas ng dalawa sa mga sumusunod na kundisyon: (1) ang aparato ay maaaring hindi magdulot ng mapahamak na interference, at (2) ang aparato ay dapat na tumanggap ng alinmang interference, kabilang na ang interference na maaaring magdulot ng hindi ninanais na paggana.

12.4 GABAY AT DEKLARASYON NG TAGAGAWA - ELECTROMAGNETIC NA IMMUNITY

Ang Concentrator ay nilalayong gamitin sa electromagnetic na kapaligiran ng tahanan, institusyon, sasakyan, at transportasyon. Ang user ng Concentrator ay dapat magsigurado na ito ay ginagamit sa naturang mga kapaligiran. Sa panahon ng pagsusuri ng immunity na tinukoy sa ibaba, patuloy ang Rove 6 na maghahatid ng oxygen sa loob ng espisipikasyon.

Immunity na Pagsusuri	IEC 60601 na Lebel	Gabay sa Electromagnetic na Kapaligiran
Conducted RF IEC 61000-4-6	3 Vrms 150 kHz to 80 MHz 6Vrms ISM at mga amateur frequency	Ang Rove 6 Portable Oxygen Concentrator ay nababagy sa electromagnetic na kapaligiran ng karaniwang tahanan, institusyon at transportasyon.
ni-radiated RF IEC 61000-4-3	10V/m 80 MHz hanggang 2.7 GHz	
Electrostatic discharge (ESD) IEC 61000-4-2	± 8 kV contact ± 2, 4, 6, 8 at 15 kV air	Ang mga sahig ay dapat na kahoy, konkreto at ceramic na mga tile Kung ang sahig ay pinatungan ng sintetikong materyal, ang kaukulang humidity ay dapat humigit kumulang na 30%.
Electrical fast transient/burst EC 61000-4-4	± 2 kV para sa power supply na mga linya	Ang mains na kalidad ng power ay dapat sa kapaligiran ng karaniwang tahanan, institusyon o iba pang transportasyon o ginagalawang paligid.
Surge IEC 61000-4-5	± 1 kV line(s) hanggang sa line(s)	Ang mains na kalidad ng power ay dapat sa kapaligiran ng karaniwang tahanan, institusyon, sasakyan o iba pang transportasyon o mga mobile na paligid.
Mga voltage dip, maikling interupsiyon at pag-iiba ng boltahe sa mga power supply input line IEC 61000-4-11	0% UT para sa 0.5 siklo sa 0 °, 45 °, 90 °, 135 °, 180 °, 225 °, 270 °, at 315 °. 0% UT para sa 1 siklo 70% UT para sa 25/30 siklo 0% UT para sa 200/300 siklo	Ang mains na kalidad ng power ay dapat sa kapaligiran ng karaniwang tahanan, institusyon o iba pang transportasyon o ginagalawang paligid. Kung ang user ng Inogen Rove ay mangailangan ng patuloy na pag-andar sa panahon ng mains na interupsiyon, inirerekomenda na ang aparato ay paandarin mula sa hindi napuputol na power supply.
Power frequency (50/60 Hz) Magnetic field IEC 61000-4-8	30 A/m	Ang mga power frequency field ay dapat nasa lebel na katangian ng karaniwang tahanan, institusyon, sasakyan, at sa ri-saring mobile na paligid. Ang mga power frequency magnetic field mula sa mga karaniwang appliance sa bahay ay hindi inaasahang makaapekto sa aparato.

TANDAAN: UT at a.c. main voltage bago ang aplikasyon ng lebel ng pagsusuri.

12.5 GABAY AT DEKLARASYON NG TAGAGAWA - ELECTROMAGNETIC NA MGA EMISSION

Ang concentrator ay nilalayong gamitin sa tahanan, institusyon, sasakyan, at iba pang transportasyon sa mga mobile na paligid. Ang user ng concentrator ay dapat magsigurado na ito ay ginagamit sa naturang mga kapaligiran.

Pagsusuri ng Mga Emission	Pagtalima	Gabay sa Electromagnetic na Kapaligiran
Mga RF emission CISPR 11	Grupo 1	Ang concentrator ay gumagamit lamang ng RF energy para sa panloob na paggana nito. Samakatuwid, ang RF emissions ay napakababa at hindi inaasahang magdudulot ng interference sa katabing aparato.
Mga RF emission CISPR 11	Class B	Ang concentrator ay nababagay sa mga establisamiyento, katulad ng lokal na establisamiyento at doon sa mga direktang nakokonekta sa pampublikong low voltage na power supply na network na nagsusupply sa mga gusali na ginagamit para sa pambahay na layunin.
Harmonic Emissions IEC 61000-3-2	Class A	
Mga voltage fluctuation /flicker emissions IEC 61000-3-3	Tumatalima	

APARATO SA ELECTRIKAL NA PAGBUBUKOD

Ang external power supply ay nagbibigay ng paraan para sa elektrikal na pagbubukod kung saan ang AC inlet ay sinama sa power supply.

13. ESPESIPIKASYON AT PAGTALIMA NG WIRELESS NA KOMUNIKASYON


13.1 BLUETOOTH BASIC RATE / ENHANCED DATA RATE (BR/EDR) BLUETOOTH SPECIAL INTEREST GROUP (SIG) BLUETOOTH LOW ENERGY (BLE)

Espeyipikasyon	Katangian
Standard na pagtalima	Bluetooth™ 4.2 BR/EDR and BLE
Epektibong RF radiated power output	7 dBm
Hanay ng pag-andar	≤ 3m
Modulation	DQPSK & DPSK
Bandwidth ng receiving section	2.400 to 2.485 GHz

Sumangguni sa mga pahayag ng FCC, Canada at Taiwan

13.2 IMPORMASYON SA PAG-APROBA NG TRANSMITTER

Bansa	Pag-aproba
United States	FCC ID: N7NBX31A
Canada	ISED: 2417C-BX31A - IC: 12246A-BM71S2 - HVIN: BM71BLES1FC2
Europe	CE
Korea	KCC: R-C-SWK-BX31A



13.3 POTENSYAL NG RADIO/TELEBISYON NA INTERFERENCE

Bansa	Mga pahayag
United States	<ul style="list-style-type: none"> • Ang kagamitang ito ay sinuri at natagpuang sumusunod sa mga limitasyon para sa Class B na digital na aparato, sang-ayon sa Bahagi 15 ng Mga Tuntunin ng FCC. • Ang mga limit na ito dinisenyo para maging rasonableng proteksyon laban sa mga mapahamak na interference sa mga paggamit sa tahanan. Ang aparato ay gumagawa, gumagamit at maaaring mag-radiate ng radio frequency na enerhiya, at kapag hindi na-install at ginagamit ng ayon sa mga tagubilin, maaari itong magdulot ng mapahamak na interference sa mga radyong komunikasyon. Bagaman, walang garantiya na ang interference ay hindi magaganap sa partikular na paglagay. Kung ang aparato ay magdulot ng mapahamak na interference sa resepsyon ng radyo o telebisyon, na maaaring malaman sa pamamagitan ng pag-on o pag-off ng kagamitan, hinihikayat ang user na itama ang interference sa pamamagitan ng isa o higit pa sa sumusunod na mga paraan: <ul style="list-style-type: none"> ◦ Baguhin ang oryentasyon o ilipat ang receiving na antenna. ◦ Dagdagan ang layo sa pagitan ng kagamitan at ng receiver. ◦ Ikonekta ang kagamitan sa isang outlet ng circuit na iba mula sa kung saan nakakonekta ang receiver. ◦ Konsultahin ang dealer o sinumang may karanasan na teknisyang ng radyo/TV para sa tulong.
Canada	<p>Ang aparatong ito ay naglalaman ng (mga) license-exempt-transmitter / (mga) receiver na sumusunod sa Innovation, Science at Economic Development Canada na license-exempt RSS(s). Ang pag-andar ay napasasailalim sa alinman sa sumusunod na mga kondisyon:</p> <ul style="list-style-type: none"> • Ang aparatong ito ay maaaring hindi magdulot ng interference. • Ang aparato ay dapat na tumanggap ng anumang interference, kabilang na ang interference na maaaring magdulot ng hindi kanais-nais na pag-andar ng aparato.
Taiwan	<p>注意！ 依據 低功率電波輻射性電機管理辦法 第十二條 經型式認證合格之低功率射頻電機，非經許可，公司、商號或使用者均不得擅自變更頻率、加大功率或變更原設計之特性及功能。 第十四條 低功率射頻電機之使用不得影響飛航安全及干擾合法通信；經發現有干擾現象時，應立即停用，並改善至無干擾時方得繼續使用。 前項合法通信，指依電信規定作業之無線電信。低功率射頻電機須忍受合法通信或工業、科學及醫療用電波輻射性電機設備之干擾。</p>

14. PAHAYAG NG LIMITADONG WARRANTY

Ang aparato ay may kasamang 3 taon na warranty (sumangguni sa customer invoice). Ang Produkto ay may warranty mula sa Inogen na wala itong mga depekto sa mga materyal at pagkakagawa sa ilalim ng normal na paggamit at pagserbisyo at kung maayos na minimintina sa panahon na inilad ng pahayag ng warranty na ibinigay kasama ng Produkto, na mag-uumpisa sa panahon ng Orihinal na Petsa ng Pagpapadala (Original Shipment Date). Ayon sa paggamit dito, ang ibig sabihin ng "Orihinal na Petsa ng Pagpapadala" ay ang orihinal na petsa ng pagpapadala ng Produkto ng Inogen sa Kustomer. Ang mga warranty na sinasaad dito ay ginagawad ng Inogen sa orihinal na Kustomer ng Mga Produkto lamang at hindi pwedeng ilipat. Ang orihinal na resibo ng pagbili ng kustomer ng Mga Produkto at patunay ng pagkakakilanlan ay kinakailangan para sa mga limitadong warranty para maging epektibo. Upang maging epektibo ang mga limitadong warranty na itinakda dito, dapat siyasin ng Kustomer ang bawat Produkto sa loob ng dalawang (2) araw ng pagdating at bago ginamit ang Produkto. Ang kustomer ay sumasang-ayon na ang mga warranty na binibigay ng Inogen hinggil sa Produkto ay napapailalim sa paggamit ng Produkto alinsunod sa mga tagubiling ibinigay ng Inogen at ang kabiguan sa pagsagawa ng mga ito ay magpapawalang-bisa ng warranty. Ang tanging pananagutan ng Inogen at ang tangi at eksklusibong remedyo ng Kustomer hinggil sa Mga Produkto, kabilang na ang paglabag sa warranty, ay limitado sa, sa tanging opsyon ng Inogen, pagkumpuni o pagpalit ng Produkto o bahagi nito na isasauli sa gastos ng Kustomer sa Inogen. Ang warranty ay magagamit lamang kung ang Kustomer ay magbibigay-alam sa Inogen sa pamamagitan ng pagsulat tungkol sa depektibong Produkto agad-agad pagkatapos na matuklasan ang depekto sa loob ng panahon ng warranty. Ang mga produkto ay maaari lamang ibalik ng Kustomer kung ito ay may kasamang reference na numero ng RMA na ibinigay ng Inogen. Ang Inogen ay hindi responsable sa anumang diumanong paglabag ng warranty kung saan natukoy ng Inogen na ito ay mula sa dahilan na hindi sakop ng warranty na ito. Ang Inogen ay gagawa ng ultimong pagpapasya sa pagkakaroon at/o dahilan ng anumang diumanong depekto.

Ang mga column, rechargeable na baterya, nabibitbit na bag, at mga power accessory ay sinasakop sa panahon ng 1 taon lamang.

Para sa kumpletong pahayag ng warranty, mangyaring bumisita sa: www.inogen.com/warranty

15. MGA TATAK-PANGKALAKAL AT DISCLAIMER

15.1 TATAK-PANGKALAKAL

Ang lahat ng tatak-pangkalakal ay pag-aaari ng kani-kanilang mga may-ari.

15.2 DISCLAIMER

Ang impormasyon sa dokumentong ito ay maayos na sinuri at pinaniniwalaang maaasahan. Bukod pa dito, ang tagagawa ay may kakayahang magsagawa ng mga pagbabago sa anumang produkto para pagbutihin ang pagbasa, gamit, at disenyo. Ang tagagawa ay hindi mag-aako ng anumang pananagutan na maaaring mangyari mula sa aplikasyon o paggamit ng anumang produkto o circuit na inilarawan dito; hindi rin nito saklaw ang mga lisensya sa ilalim ng karapatan ng patent o mga karapatan ng iba.

15.3 ITONG DOKUMENTO

Ang impormasyon sa dokumentong ito ay maaaring baguhin ng walang abiso. Ang dokumentong ito ay naglalaman ng pribadong pag-aaari na impormasyon at protektado ng copyright. Walang anumang bahagi ng dokumentong ito ang maaaring kopyahin sa anumang paraan, nang buo o nang bahagi (maliban sa maikling sipi sa mga review at mga scientific paper), kung walang nakasulat na pahintulot ng tagagawa. Siguraduhing basahin nang mabuti at unawain ang lahat ng mga manual na kalakip ng produkto.

16. IMPORMASYON NG KONTAK

Kung mayroon kang mga tanong tungkol sa impormasyon sa mga tagubiling ito o tungkol sa ligtas na pagpa-andar ng aparatong ito, kontakín ang nagbigay sa iyo ng kagamitan o ang Inogen, Inc. 859 Ward Drive, Suite 200 Goleta, CA 93111, USA, 1-877-466-4362.

Mga Healthcare na Propesyonal: Para mag-report ng masamang karanasan sa partikular na Inogen na produkto tumawag sa Inogen Customer Care Center sa 1-877-466-4364. Maaari mo ring i-report ang masamang pangyayari (adverse event) mismo sa U.S. Food and Drug Administration (FDA) sa pamamagitan ng pagtawag sa 1-800-FDA-1088 o pagbisita sa <http://www.fda.gov/Safety/MedWatch>.

Mga Konsumidor: Para mag-report ng masamang karanasan sa partikular na produkto ng Inogen tumawag sa Inogen Customer Care Center sa 1-877-466-4364. Maaari mo ring i-report ng masamang pangyayari sa iyong tagapagbigay ng pangangalagang pangkalusugan o mismo sa U.S. Food and Drug Administration (FDA) sa pamamagitan ng pagtawag sa 1-800-FDA-1088 o pagbisita sa <http://www.fda.gov/Safety/MedWatch>.

Hindi resident ng US: ang site na ito ay para sa mga residente ng US lamang, ang mga bansa sa labas ng United States ay maaaring may mga partikular na proseso na nasa lugar upang matugunan ang mga report ng mga masamang pangyayari. Mangyaring kontakín ang iyong tagapagbigay ng pangangalagang pangkalusugan o ang lokal na awtoridad ng kalusugan para sa mas maraming impormasyon.

Kung may katanungan ka hinggil sa mga niresetang produkto ng Inogen, mga isyu tungkol sa iyong medikal na kondisyon o personal na kalusugan, makipag-usap sa iyong doktor o tagapagbigay ng pangangalagang pangkalusugan dahil sila ay pamilyar sa iyong medikal na kondisyon.



Inogen, Inc.

859 Ward Drive, Suite 200
Goleta, CA 93111, USA
Toll Free: 877-466-4362
+1-805-562-0515 (Sa labas ng USA)

E-mail: info@inogen.net
inogen.com

USA United States

ENERO/2024